

KOGNEYTS, KONSEPTO AT ISTADO NG WIKANG SURIGAWNON SA LALAWIGAN NG SURIGAO DEL NORTE

Eliza Ebol Bayang

Surigao State College of Technology, Surigao City, Philippines

IJASR 2020

VOLUME 3

ISSUE 2 MARCH - APRIL

ISSN: 2581-7876

**Abstract** – Wika, ang diwa at kaluluwa ng bansa. Nais alamin ng pag-aaral na ito ang tungkol sa kogneyts, konsepto at istado ng wikang Surigawnon sa boung lalawigang Surigao del Norte. Ang Desinyong ginamit ay kwali-kwanti deskriptiv, community-based sa pamamagitan ng pakikipanayam, talatanungan, at pag-oobserba. Purposive sampling sa 60 impormanteng kinakapanayam at Convenience sampling sa 100 mga tagatugon. Multiple Correspondence Analysis at lexicostatistical percentage ang ginamit para sa pagtutuos ng mga datos. Natuklasan na karamihan sa mga lumad-Surigaonon ay migranteng Boholano dahil sa pandarayuhang pangingsda, negosyo at sadyang paglayo sa kalupitan ng mga Kastila noon. Wikang Boholano ang pinakamataas na kogneyts sa wikang Surigawnon na may dalang 65%; Cebuano 48%; Minamanwa 34%; Kamayo 33%; Tausug 14%; Manobo 11%; at Badjau 10%. Mas mataas ang kogneyts ng Boholano kumpara sa Cebuano, dahil ang Boholano ay mayaman sa tunog “/j/ o [dʒ]” na pinakapopular kasama ang tunog “y” bilang identidad ng wikang Surigawnon. Ginagamit ang Cebuano depende sa kausap at pang-okasyunal na wika lamang. Ang konsepto ng wikang Surigawnon ay nabubuo sa pamamagitan ng wikaing kogneyts-komposisyon batay sa heograpikal at sosyal na dimensiyon. Surigawnon ang pangkalahatang katawagan sa wika ng mga Surigaonon; Sinurigaw tawag ng wika sa syudad mismo o Sinurigawnon pinaikling bersiyon ng Surigawnon-Sinurigaw na varayti. Ang istado, batay sa naitalang 55% sa aktwal na gumagamit na mga mamamayan mula sa 63.9% na nagsabing naging unang wika nila ito ay hudyat ng pangamba sa unti-unting paglaho lalo na sa henerasyong melinyals. Inirekomenda ang patuloy na paggamit ng wikang Surigawnon sa lahat ng pagkakataong pakikipagkomunikasyon partikular sa midya at mga pagtuturong MTB-MLE dahil malaking papel ang wika sa pagkilala ng kultura sa bawat komunidad.

**Keywords:** Kogneyts, konsepto, istado, Surigawnon, deskriptiv, community-based

**INTRODUCTION (Introduksyon):**

Wika, ang kaluluwa ng kultura sa bawat lipunang kinabibilangan. Sang-ayonsa teoryang lingwistik-relativitikay (Sapir, 1929; Whorf, 2012; Chandler, 1994) sa kanilang haypotesis kung paano mag-isip angisang tao ay tiyak ganun din ang paraan ng kanyang pananalita. Ang wika ay kasangkapan sa komunikasyon at katulad ng iba pang kasangkapan, kailangang patuloy itong ginagamit dahil ang isang kasangkapang hindi na ginagamit ay nawawalan ng saysay gayunma’y ang pagkawala ng wika ay ang pagkawala rin ng kultura (Flores, 2015); (Matters, 2008); (Gudykunst, Ting-Toomey & Chua, 1988).

Sa komunidad ng lalawigang Surigao del Norte, maaaring maisip ng ilang mga Surigaonon kung may saysay pa ba ang kanilang wikang hawak magpahanggang sa kasalukuyan. Sa pag-aaral ng istadong wikang Surigaonon ay higit ding maipapaliwanag at mailalarawan ang konsepto ng wikang Surigaonon. Pagkakataon nang seryusuhin ang pagkilala ng wikang Surigawnon kasunod ng pagkilala ng MTB-MLE bilang “fundamental policy and program” ng kagawarang Edukasyon, iniatas sa una hanggang tatlong baitang ang implementasyon ng tinatawag na “MLE Bridging Plan” (DepED Order No. 28, s. 2013). Ang unang wika ng bata ay gamitin bilang midyum sa pagtuturo ng K-3, (DepEd order 31, s. 2012). At sa panig ng hangaring Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), dapat na pangangalaagaan at ipreserba ang wika, maidokumento ang tunay na galaw ng wikang Surigawnon sa bawat panahon o henerasyon at nang mapanatili ito alinsunod sa *Batas blg. 7104*.

## RELATED LITERATURE (Suring-basa na mga Literatura)

### Kalagayang Pangwika

Ang isang lipunan o komunidad ay di- maaring mabuhay nang walang wika, at ang maunlad na kalinangan o kultura ay dahil sa paggamit ng wika. Darating ang panahon na ang katutubong wika ay di- ganapang matutunan ng mga bata, dahil ang prosesong ito ay nagbibigay daan sa *language shift* patungo sa pagkamatay ng wika o ang tinatawag na moribund. Dagdag niya, Ang wika ay maaring maglaho o mawala ng tuluyan mula sa isang lugar at maaaring lilitaw sa ibang lugar. Minsan, ang wika ay namamatay dahil ang *speech community* ay nangangamatay. Ang ganitong pagkawala ng wika ay tinatawag na Linguicide (Bolinger, 1968; Subbiondo, 2005); (Skutnabb-Kangas, & Phillipson, 1996).

### Kaligiran ng Wikang Surigawnon

Ang wikang Surigawnon ay pangunahing wika na sinasalita ng mga lumadnong mamamayan ng Surigao del Norte at Surigao del Sur. Batay naman sa sarbey ng ng Caraga Region (Census 2002) nagkaroon ng 88,129 o 22.40% na bahagdan mula sa kabuuang populasyon ng rehiyong Caraga; at may nakitang 95% ng mga mamamayan ang gumagamit ng Surigawnon (*panlalawigang saklan*) bilang unang wika na kabahagi nito ang wikang Cebuano at Boholano sa punto ng Tausug. (Dumanig, 2015); (Reid, 2009).

Maraming mga wikaing litaw sa lalawigan ng Surigao del Norte at Surigao del Sur nagkakaiba-iba ng diin, intonasyon at gamit sa mga dakong timog ng baybay-dagat at sa mga bayan-bayan. Ang wikaing ito ay naging Surigawnon hindi sa pagkanatural o katutubong wikain ng Surigawnon kundi sa palatandaang pinagkakilanlan (identification) sa lalawigan na pinangalanang Surigao. Ayon kay Antonio de Pigafetta (1921) sa aklat ni Almeda (1993), kung ang mga sinaunang taong naninirahan sa Surigao ay mga Mamanwa; at sa Surigao del Sur ay mga Manobo, ang lingwistikang taal ng wikaing Surigaonon ay ang “Kamayo” na sinasalita ng mga Caraganon noong unang panahon. Ang Caraganong wikain ay nananaig pa rin sa Surigao del Sur, Davao Oriental at iba pang lugar sa Agusan del Norte lalo na sa Butuan at Agusan Norte (Hilagang Surigao) ay isang lalawigan ng Pilipinas na matatagpuan Hilagang-Silangang Mindanao na tinatawag na Caraga na ipinangalan sa mga sinaunang mamamayan, ang mga Calagans na pinaniniwalaang nagmula pa sa Visayas.

Iginiit ng ilang Surigaonong mananaliksik na magkaiba ang wikang Surigawnon ng Sur at wikang Surigawnon ng Norte. Ang dalawang panig ay di ganapang nagkakaintindihan kapag magkausap sa kani-kanilang wika. Kaiba rin ang Wikang Surigawnon sa Bisaya-Cebuano at sa ibang mga wika sa Mindanao ayon sa pag-aaral ni Dumanig (2015) na siyang minsang pinabulaanan ng ilang pag-aaral na magkatulad ang dalawang wika ugat na di lubos na kinilala ang wikang Surigawnon. Kaiba ang Surigawnon sa ibang mga wikain nababakas sa morpema, pang-abay, pang-ugnay, panghalip, panlapi, ponema at ibang ekspresyong lokal. Sa obserbasyon, hindi naging problema ng mga mamamayang Surigaonon ang pag-intindi ng wikang Binisaya dahil itinuring na diglosik ang taglay sa nasabing komunidad. Sa panig ng Taga-Cebuano nahihirapan sila na maunawaan ang wikang Surigawnon, hudyat ng pagkakaiba. Sa kasalukuyan, kinilala ng Deped bilang isa sa mga karadagdagang wika na gamitin sa paaralan ang Surigawnon bilang Mother Tongue o MTB sa mga lalawigan ng Surigao, (DepED Order No. 28, s. 2013) kasama na dito ang Ybanag, Ivatan, Sambal, Akianon, Kinaraya, Yakan at Surigaonon .

### Pangkat Katutubo ng Surigao del Norte

May iba't ibang lahi o pangkat etniko ang nananahan sa lalawigan ng Surigao del Norte, ilan sa mga lantad na pangkat sa lipunan ay Mamanwa na may kabahayang populasyon (household population) na 197,521; Manobo- 4,826; Badjau-59; Bisaya Cebuano- 11,286; Bisaya Boholano-16,888; Maranaw- 956; Tagalog- 980; Tagbanwa-8; Tausug-226; Bisaya Waray – 1,455; Muslim -1,951; Ingles- 35; at Tsina-33, (*Province file, Planning & Dev't. Household Population by ethnicity 2010*). Ang mga banggit na lahi o pangkat ay maaaring makakaimpluwensiya sa pag-unlad ng wika mula sa orihinal o lumad na hubog nito. Ilan sa mga karaniwang nakilalang katutubo sa komunidad ng Surigao del Norte ay mailalarawan sa sumusunod:

**Mamanwa.** Noong unang panahon ayon sa kasaysayan , ang unang lahing nakarating sa lugal ng Surigao ay mga Mamanwa na tinaguriang “first forest dwellers, galing sa salitang “man” first at “banwa” forest. Sila ay tinatawag ng mga naturalis na “Kongking” bilang paglalarawan sa kanila ng taong nasa kapatagan. Ang mga Mamanwa ay

may kanilang sariling wika na tinatawag “Minamanwa o Minanwa, (National Commission on Indigenous Peoples, 2013). Sila ang mga namataang katutubo ng Surigao bago paman dumating ang mga Kastila sa mga kabundukan ng Sison mula pa 1360, Claver, Gigaquit, Bacuag, Tubod, Alegria-Kitcharao, Mainit at Anao-aon hanggang sa mga kasalukuyang panahon. May ilan din naman sa Cantilan, Tago, Bislig at Caraga (<http://www.gov.ph> of Surigao); (Rabasso & Rabasso, 2014; Omoto, 1984);

**Manobo.** Ang Manobo ng Surigao del Norte ay mga tribung orihinal na nanahanan sa Pilipinas. Ayon sa mga kwento ng tribu, dati paman ay di na magkasundo ang mamanwa at Manobo kaya kapansin-pansin ang balwarte ng Manobo ay naninirahan sa kabundukan at kailugan ng Surigao del Sur; at ang Mamanwa ay nasa Surigao del Norte (Felix & Leny, 2004; Tomaquin, 2013; Campos, 2014; Trinidad, 2013; Omoto, et.al., 1981);

**Badjao.** May mga tribung badjao na matatagpuan sa syudad ng Surigao lamang. Sila ay nagpakalat-kalat sa daan upang manghingi ng pera bilang kanilang kabuhayan sa araw-araw. Mayroon silang sariling kultura at wika. Inilarawan nila ang kanilang sarili na may kahawig sa Muslim-Tausug gawa ng karamihan sa kanilang kultura ay magkatulad. Matatagpuan sa Surigao City sa bandang tabing ilog ng Barangay Canlanipa ang mga Badjao ng Surigao del Norte. Nabanggit nga sa naunang paglalahad na may 59 na kabahayan ang mga ito sa ulat ng (Province ethnicity file, 2010) at mas dumarami pa ang mga ito sa nitong kasalukuyang panahon (Jumala, F. C. (2011); (Boquet, 2017); (Lacuesta, n.d.).

Ayon kay Dahila Amad Araman, pinuno ng pangkat ng mga Surigawnong Badjao na ang kanyang tribu ay nanggaling sa Julu Sulu na napunta lamang dito sa Surigao dahil sa hindi na maayos ang kanilang pamumuhay sa lugar na iyon. Ang panglilimos at pangingsda ay naging kabuhayan ng mga Badjao. Kinikilala ng kanilang pinuno na ang wika nila ay “Sinama”, diyalekto ng wikang Samal. Ipinagpapalagay ng ilan na ang Badjao ay katulad ng maliit na pangkat ng mga Samal laut (mga Samal na naninirahan sa dagat) o Samal tonqongan (totoong Samal.) (Daug, Kimilat, Bayon & Rufon, n.d.).

**Sintesis.** Ang mga suring-basa na inilalahad ay nagbigay tulong sa malalimang pag-alam ng wikang sinusuri. Ang mga kasipang gaya ng Kalagayan ng wika ni Sapir, Hoebel, Hufana, Santos at Du; Kaligiran ng wikang Surigawnon na mula kina Dumanig, at Pigafetta; at ang mga pangkat na katutubong Surigawnon na mula sa pakipanayam ni Pilan sa kay Dahila Amad Araman, pinuno ng tribong Manobo-Surigao ay napakahalagang impormasyon para sa masusing pagbibigay interpretasyon o pagpapaliwanag ng mga kasunod na datos sa nasabing pag-aaral.

### Paglalahad ng Suliranin

Upang matugunan ang pangunahing layunin ng pag-aaral, pinagsikapang sagutin ang mga sumusunod na mga tiyak na suliranin:


1. Paano nasusuri ang wikang Surigawnon batay sa profayl ng mga lumad-Surigawnon;
  - 1.1. edad
  - 1.2. kasarian
  - 1.3. posisyon
  - 1.4. tagal ng paninirahan
  - 1.5. edukasyong natapos
  - 1.6. hanapbuhay
  - 1.7. unang wika
  - 1.8. komunidad pinanggalingan
  - 1.9. iba pang wikang alam;
2. Nasa anong antas ang kogneyts ng ibang mga katutubong wikaing nakapaligid sa wikang Surigawnon;
3. Paano nasusuri ang antas ng istado ng wikang Surigawnon sa buong lalawigan ng Surigao del Norte batay sa paraang;
  - 4.1. Naintidihan lang pero di ginagamit
  - 4.2. Pang-okasyong lang gamitin
  - 4.3. Nakasanayang gamitin;

4. Ano ang implikasyon ng resulta ng pag-aaral sa kultura at sa MTB-MLE na programa ng Edukasyon?

**THEORITICAL AND CONCEPTUAL FRAMEWORK (Teoritikal at Konseptwal na Balangkas)**

Ang wika ay nabuo dahil sa pangangailangan ng taong tumutugon sa pang-araw-araw na pakikipagtalsatasan. Ang wika ay mamamatay kung walang taong tagapagsalita nito at ito’y buhay kung may mga taong patuloy na gumagamit. Ang pag-aaral ay nakaangkla sa prinsipyo ni Edward Adamson HOBEL (1949) isang antropologo sa kanyang “*the extended case method*” na gumalugad sa unang lahihanggang sa kasalukuyan upang matingnan ang pag-unlad nito lalo na sa ugnayan ng kultura, wika at lipunan. Ito ay may kaugnayan sa ginawang pag-aaral dahil ginagalugad ng mananaliksik ang kasaysayan ng mga wikang katutubong nakapaligid sa pamamagitan ng pagsusuring kogneys.

Nailahad sa figyur 1. Ang daloy ng pag-aaral sa pamamagitan ng paradaym. Matatagpuan sa ibabaw ang salitang Wikang Surigawnon na siyang pokus sa pag-aaral sa pamamagitan ng kogneys at konsepto upang madetermina ang istabilidad ng wika sa isang lugal. Nasa gitna ay hugis puso nasa ang salitang Surigao del Norte na siyang target na lugal sa pag-aaral. Ito’y nakapasok sa hugis-puso, sumisimbolo sa pagmamahal ng wika upang hindi ito mapabayaan at patuloy na manatili ang istado ng wikang Surigaonon bilang pagpapakita ng isang tunay na pagmalasakit sa kulturang Surigaonon.



**Figyur 1.** Paradaym ng Pananaliksik

## SIGNIFICANCE OF THE STUDY (Kahalagahan ng Pag-aaral)

**Medya-radyo istasyon Surigao.** Maaaring mamalayan nila ang kalagayan ng wikang Surigawnon at maudyok na gamitin ito sa kanilang pakikipaghimpapawid ng mga balita upang marinig lagi ng mga batang melinyals ang mga salitang Surigawnon.

**Lokal na Administrasyon.** Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay maaring batayan sa pagkilos ng mga namumunuan sa lugal upang makagawa ng alinmang agarang ordinansa tulong sa pagpapalaganap ng wikang Surigawnon.

**Departamento ng Edukasyon.** Maiparating ang kahalagahan ng wika at kultura ng komunidad upang mapanatili ang pagkakakilanlan sa pamamagitan pagsanib nito sa klase, lalona sa bagong kurikulum ng MTB-MLE at sa pagsunod ng estratehiyang lokalisasyon.

**Mamamayang Surigaonon.** Maaaring masimulan ng mamamayan ang pagtuturo sa kani-kanilang mga pamilya kung ano ang tunay na wika ng kanilang kinagisnan nang mapasalin-salin nila ang taal na wikang Surigawnon sa lahat na uri ng pakikipagtalastasan ng kanilang mga lahi.

## RESEARCH METHODOLOGY (Pamamaraan ng Pananaliksik)

### Desinyo

Ang pag-aaral ay gumamit ng deskriptibong kwalitatibo-kwantitatibong desinyo at *Multiple test* o maraming subok na kung saan sinubukang alamin at analisahin ang wikang Surigawnon ayon profayl; *pag-ooberba* ng komunikasyon sa komunidad, (Philipsen at Wood na banggit ni Santos et.al.2009); suri sa mga kogneyts ng wikaing varyati na ginagamitan ng pormulang “(N×N table of distances) calculate lexicostatic percentages” sa pagkuha ng kogneyts gamit ang wordlists (Dyen, Kruskal and Black 1992). Ang pag-aaral ay community-based na pagdulog sa talakay ni Wardhaugh (2006) tungkol sa pagsisiyasat ng mga relasyon sa pagitan ng wika at lipunan ni (William Labov) kung paano gumalaw ang wika sa komunikasyon ng isang komunidad. Ang mga kuhang datos ay nagmumula sa lumad na mamamayang Surigawnon at kasalukuyang henerasyon ng Surigao del Norte.

### Tagatugon

Ang Tagatugon / impormante ng nasabing pag-aaral ay mga lumad-Surigawnon at mga karaniwang mamamayan, mag-aaral, nagtrabaho sa mga tanggapan at iba pa. Isinalang-alang sa pagpili edad mula 50 pataas ang siyang pinagkunan ng mga taal na salitang Surigawnon para pakikipanayam ng bawat munisipalidad ng Surigao del Norte, may tigtatlong impormante (Talahanayan 1) ang target na kinuha na kapanayam at kasabay na maooberbahan ang mga ito. May edad 50-pataas; 30-49; at 20-29.

Ang mga salitang nalikom mula sa lumad-Surigaonon ay maging kurpos sa pagbuo ng talatangungang wordlists gamitin bilang ibang set na subok para sa mga tagatugon na walang piniling edad basta ang mga ito ay isang mamamayang Surigawnon.

**Talahanayan 1.** Distribusyon ng Impormante sa Panahon ng Fieldwork (2015 Census Population)

| <i><b>DISTRITO 1</b></i> | <b>Kabuuang Populasyon (N)</b> | <b>% (10) Impormante</b> |
|--------------------------|--------------------------------|--------------------------|
| 1. Sta. Monica           | 8,808                          | 3                        |
| 2. Burgos                | 4,034                          | 3                        |
| 3. San Benito            | 5,404                          | 3                        |
| 4. San Isidro            | 7,325                          | 3                        |
| 5. Del Carmen            | 18,392                         | 3                        |
| 6. Pilar                 | 9,752                          | 3                        |
| 7. Dapa                  | 23,787                         | 3                        |
| 8. Gen.Luna              | 16,771                         | 3                        |
| 9. Socorro               | 22,314                         | 3                        |
| <b>Total (sub)</b>       | <b>116,587</b>                 |                          |
| <i><b>DISTRITO 2</b></i> |                                |                          |
| 10. Surigao City         | 154,137                        | 3                        |
| 11. SanFrancisco         | 14,552                         | 3                        |
| 12. Sison                | 13,155                         | 3                        |
| 13. Placer               | 27,094                         | 3                        |
| 14. Malimono             | 18,054                         | 3                        |
| 15. Bacuag               | 14,486                         | 3                        |
| 16. Mainit               | 26,741                         | 3                        |
| 17. Claver               | 32,773                         | 3                        |
| 18. Gigaquit             | 20,864                         | 3                        |
| 19. Alegria              | 16,011                         | 3                        |
| 20. Taganaan             | 16,428                         | 3                        |
| 21. Tubod                | 14,206                         | 3                        |
| <b>TOTAL (sub)</b>       | <b>371,919</b>                 |                          |
| <b>Gen. total</b>        | <b>485,088</b>                 | <b>60 impormante</b>     |

Purposive sampling ang unang naisip ng mananaliksik na piling-pili dito ang edad at katutubong mananalita ng wikang Surigawnon *para sa pakikipanayam at pag-oobserba*. Ikalawa ay *convenience sampling* para sa wordlists na talatanunganna patutugunan sa mahigit kumalang 100 na mamamayan na malapitan ng mananaliksik.

### Kaligiran ng Pananaliksik

Ang Surigao del Norte ay isang lalawigan ng Pilipinas na matatagpuan sa rehiyon ng Caraga sa Mindanao. Lungsod ng Surigao ang kapital nito. Sa kasalukuyan ang Surigao del Norte ay binubuo ng Pulo ng Siargao sakop ang pulo ng Bukas Grande ng Socorro at sa isang maliit na rehiyon sa kahilagang dulo ng pulo ng Mindanao na pinapaligiran ng Agusan del Norte, at Surigao del Sur sa timog. May 51, 9042 kabuuang populasyon nito.




Plate bilang 1. Mapa ng Surigao del Norte

(POPSEN 2015, NSO File). Ang kalupaang nasasakupan ay may kabuuang laking 201,750 hektars: Distrito 1 ng Siargao ay may 62,796 at sa distrito 2 ng Mainland na may 132,914 hektars, (SEP 2019). Ang mga wikang ginagamit ay Surigawnon at Cebuano maliban sa Filipino at Ingles. Ang Surigao del Norte ay hinahati sa dalawang Distrito na may dalawampung (20) munisipalidad at isang siyudad o lungsod na may 334 mga baranggay. Nahahati ito sa dalawang distritong kongresyunal, kasama sa Unang Distrito ang isla ng Siargao and Bucas Grande na may siyam (9) na munisipyo: Burgos, Dapa, Del Carmen, General Luna, Pilar, San Benito, San Isidro, Santa Monica and Socorro. Sa ikalawang distrito ang labing isang (11) munisipyo District II at isang (1) lungsod: Alegria, Bacuag, Claver, Gigaquit, Mainit, Malimono, Placer, San Francisco, Sison, Tagana-an, and Tubod ar Lungsod ng Surigao bilang kapital. Ang karaniwang makikita sa baybayin ng lalawigan ay ang taniman ng manggrove na lumilibot at nagsisilbing proteksyon sa 14,162 hektarya ng karagatan sa mga baybayin ng kapatagan, at sa mga isla ng Siargao at Bucas Grande. Mayaman ang karagatan sa iba't ibang uri ng isda gaya ng marlin, tuna, lapu-lapu, pusit, alimango, nokus at marami pang ibang yamang-dagat. Matatagpuan din sa lalawigan ang maraming kweba at lagusan. Mayaman din sa yamang mineral ang lalawigan gaya ng nikel, puting buhangin at limestone, (Surigaonon language Wikipedia 2003).

Isa ang Bonok-bonok Festival sa mga kulturang Surigaonon, ito ay naglalarawan ng pagdiriwang ng kasayahan ng mga katutubo bilang pasasalamat sa kanilang Panginoon sa masaganang ani at biyayang natanggap.

### Talatanungan

Dalawang set ng talatanungan ang ginamit ng mananaliksik upang maakomodeyt lahat ng hinahanap ng nasabing pag-aaral. Ang unang set ng talatanungan para sa pakikipanayam dala nito ang profayl na halaw sa manwal ng KWF (Hakbang sa Lingwistikang Etnograpiya, 2015) ; ang ikalawang set ay wordlists para sa paraan ng paggamit ng wika, (Apendiks A-B). At nagkaroon din ang mananaliksik ng wordlists kogneys inihanay sa iba't ibang wikain para sa pagsusuri ng mga salita ng kinuha sa paggalugad ng literaturang onlayn at aktwal na kuha sa pakikipanayam bawat wikaing kinilalang nakapaligid sa wikang Surigawnon.

### Pangangalap ng mga Datos

Ang sumusunod ay paraan ng pangangalap ng mga datos bilang hakbang upang maiayos at magabayan ang mga mananaliksik at kasamahan sa panahon ng fieldwork. Nariyo ang sumusunod;

**Paghingi ng Pahintulot sa Alkalde ng Bayan.** Nagpadala muna ng liham pahintulot ang mananaliksik sa mga alkalde ng bayan na pupuntahan nila. Ito ang paraang pakikipag-ugnayan sa mga LGU ng bayan. Pagkatapos na naabisuhang natanggap na ito ay hiniling ng mananaliksik ang skedyul kung saan *available* ang mga hinging target na mga kukuning impormante sa piling barangay o munisipalidad.

**Pag-oobserba / Pagbisita.** Pinuntahan ang lugal at nanatili ng ilang araw hanggang sa matupad ang datos na kukunin sa nasabing lugal. Dito nangyayari ang pakikisama, pakikibagay, o pakikipagpalagayang-loob sa mga impormante. Inoobserba dito ang kanilang paraan ng pananalita kasama na ang pagkuha ng wikang sinasalita. Napasok rin dito ang pag-oobserba sa mga opisina, department store, jolibee, simbahan, at mga okasyong may programang naisagawa upang maobserbahan lamang ang kaibahan ng sinasalita nila habang sila'y nakikisalamuha sa mga kliyente o sa taong hindi nila masyadong kakilala.

**Pakikipanayam.** Sa pagbisita, nakipanayam ang mga mananaliksik sa dalawang paraan ang gamit impormal o pormal o structured o unstructured interview depende sa kakapanayamin upang makakapangalap ng datos na kailanganin sa pag-aaral. May dalawang tangka ang naganap sa fieldworks. Una, pakikipanayam sa mga Lumadnon may edad 50 pataas upang ang mga salitang kalap ay gawing korpus ng makabuo ng unang set na talatanungan. Maaring sundin ang mga tanong na nakasaad sa hakbang at gabay ng pagsasagawa ng etnograpiyang pag-aaral ng KWF.

**Pagrekord.** Pagkuha ng mga datos sa pamamagitan ng camera at rekorder o di kaya paglilista upang makakasisiguro na tumpak lahat ng kuhang mga datos mula sa impormante. Lahat ng pag-uusap mula sa pag-oobserba, kwentuhan at pakikipanayam ay kinunan lahat ng rekord upang maisatupad ang hanap ng nasabing pananaliksik.



**Paghahanda ng mga Datos**

Pagkatapos isinagawa ang pagkuha ng datos o pakikipanayam at pag-oobserba ang mga mananaliksik ay maingat na inihanda ang mga sumusunod;

**Rebyu.** Sa pamamagitan ng pagdinig muli sa kanyang celfone rekorder, idinidekowl at pagbalik-basa na proseso ng mga naidekowl mula sa nakukulekta nitong mga datos mula sa pagooberba, kwentuhan at pakikipanayam

**Pagtatala.** Kasabay sa pagrerekord ay pagtatala ng mga salitang kaugnay sa gagawaing kogneyts maliban sa kurpos sa tulong ng impormante at kalahok sa pag-aaral.

**Pagsusuri.** Pagsasaayos ng mga orihinal na salita at susuriin ayon sa varayti ng wikang litaw sa bawat komunidad at mahanap ang kalagayan ng paggamit ng alin sa mga wikaing nailarawan at iba pa gamit ang *template* na binuo ng mga mananaliksik.

**Pagkakategoriya.** Paghiwalay sa varayti ng wikang Surigawnon o sa ibang katutubong wikain ayon sa salita, parirala o ekspresyon na mga nakuhang datos na klasipikasyong inihanda ng mananaliksik.

**Pagsagawa ng Talatanungan.** Upang may follow-up na datos o impormasyon gumawa ang mananaliksik ng talatangungan buhat sa kurpos na kalap sa unang tangka ng pangangalap sa sampung beteranon o seniot citizens. Ang talatanungan ay binuo ng tatlong bahagi: Ang unang bahagi at tungkol sa profayl at ang ikalawa bahagi ay tungkol sa mga inaayos na korpus Surigawnon upang mabatid ang sitwasyon, gamit ng wika sa lugal. Ang mga ito ay siyang pinasasagutan sa bagong henerasyon 25 pababa at ang 26 pataas na siyang ginamit bilang talatanungan.

**Pagsusuri ng mga datos**

**Correspondence Analysis.** Ito ay ginamit sa pagtutuos ng mga baryabol mula sa profay laban sa unang wika na ginagamit ng mga tagatugon o impormante.

**Lexicostatistical percentage at Frequency.** Ito ay ginamit para sa pagsusuring kogneyts mula sa iba't ibang wikain isinalang patungo sa paghahambing sa kahulugan mayroon sa wikang Surigawnon.

**FINDINGS AND DISCUSSIONS (Presentasyon, Analisis at Interpretasyon gg mga Datos)**

Ang kabanatang ito ay tumalakay tungkol sa kogneyts, konsepto at istado, ng Wikang Surigawnon

**Talahanayan 2.** Profayl ng mga Impormante ayon sa Kasarian, Edad, Posisyon, komunidad na kinabibilangan at tagal ng paninirahan

| Variable              | Categories     | Frequencies | %    |
|-----------------------|----------------|-------------|------|
| Kasarian              | babae          | 56          | 67.5 |
|                       | lalaki         | 27          | 32.5 |
| Edad                  | 18 to 30       | 29          | 34.9 |
|                       | 31 to 40       | 13          | 15.7 |
|                       | 41 to 50       | 15          | 18.1 |
|                       | 51 to 60       | 15          | 18.1 |
|                       | above 60       | 11          | 13.3 |
| Posisyon sa komunidad | BHW            | 1           | 1.2  |
|                       | Brgy Secretary | 3           | 3.6  |
|                       | Brgy treasurer | 1           | 1.2  |

|                             |                    |     |      |
|-----------------------------|--------------------|-----|------|
|                             | Kagawad            | 8   | 9.6  |
|                             | Kapitan            | 6   | 7.2  |
|                             | Karaniwan          | 37  | 44.6 |
|                             | Mag-aaral          | 25  | 30.1 |
|                             | SB member          | 1   | 1.2  |
|                             | wala               | 1   | 1.2  |
| Komunidad na kinabibilangan | Alegria            | 2   | 2.4  |
|                             | Antipolo           | 1   | 1.2  |
|                             | Bacuag             | 1   | 1.2  |
|                             | Dapa               | 3   | 3.6  |
|                             | Dinagat            | 1   | 1.2  |
|                             | Gen Luna           | 8   | 9.6  |
|                             | Gigaquit           | 2   | 2.4  |
|                             | Leyte              | 2   | 2.4  |
|                             | Mainit             | 1   | 1.2  |
|                             | Pilar              | 3   | 3.6  |
|                             | Placer             | 1   | 1.2  |
|                             | San Francisco      | 1   | 1.2  |
|                             | Socorro            | 1   | 1.2  |
|                             | Sta Monica         | 4   | 4.8  |
|                             | Surigao City       | 48  | 57.8 |
| Taganaan                    | 1                  | 1.2 |      |
| Tubod                       | 3                  | 3.6 |      |
| Tagal ng paninirahan        | 10 years and below | 14  | 16.9 |
|                             | 11 to 20 years     | 29  | 34.9 |
|                             | 21 to 50 years     | 20  | 24.1 |
|                             | above 50 years     | 20  | 24.1 |

Ang talahanayan 1 ay nagpapakita ng tungkol sa profayl ng tagatugon sa kasarain, edad, posisyon, at tagal ng paninirahan. Karamihan sa kanila ay mga babae na may 67.5%, nasa edad 18-30 na may 34.9%, mga karaniwang mamamayan lamang walang hawak na posisyon sa lipunan na may bahagdan 44.6%, May tagal na paninirahan na 11-29 bilang ng taon na may bahagdang 57.8%. Sa talahanayan 2 naman ay nagpapakita ng profayl pa rin ng mga

tagatugon ayon sa edukasyong natapos at hanapbuhay. Karamihang mga tagatugon ay nasa senior hayskul na may bahagdang 25.3%, nasundan ng hayskul gradweyt sa bahagdang 24.1% at

**Talahanayan 2.** Profayl ng mga Impormante 2

| Variable           | Categories           | Frequencies | %    |
|--------------------|----------------------|-------------|------|
| Edukasyong natapos | College graduate     | 16          | 19.3 |
|                    | College level        | 17          | 20.5 |
|                    | Elementarya          | 7           | 8.4  |
|                    | High school graduate | 20          | 24.1 |
|                    | Senior high school   | 21          | 25.3 |
|                    | Vocational course    | 2           | 2.4  |
| Hanapbuhay         | BHW                  | 1           | 1.2  |
|                    | Brgy Treasurer       | 1           | 1.2  |
|                    | Brgy. Secretary      | 2           | 2.4  |
|                    | Driver               | 1           | 1.2  |
|                    | Guro                 | 3           | 3.6  |
|                    | Manicurista          | 1           | 1.2  |
|                    | OFW                  | 1           | 1.2  |
|                    | Phil Coast Guard     | 1           | 1.2  |
|                    | SB member            | 1           | 1.2  |
|                    | Self-employed        | 2           | 2.4  |
|                    | gov't employee       | 1           | 1.2  |
|                    | kagawad              | 1           | 1.2  |
|                    | kapitan              | 2           | 2.4  |
|                    | karpentero           | 2           | 2.4  |
|                    | mag-aaral            | 28          | 33.7 |
|                    | magsasaka            | 3           | 3.6  |
|                    | mangingisda          | 7           | 8.4  |
|                    | maybahay             | 10          | 12.0 |
|                    | private employe      | 2           | 2.4  |
|                    | public servants      | 1           | 1.2  |
| tindera            | 1                    | 1.2         |      |

gradweyt sa kolehiyo na may 19.3%, nakatuntong sa kolehiyo sa dami ng 20.5% at elementarya na may 8.4%. Pinakamarami ang senior hayskul dahil madali lang silang mahagilap sa panahon ng pagsasagawa ng sarbey.

Sa talahanayan 3, ipinapakita ang distribusyon ng profayl ng mga tagatugon ayon sa wikang kanilang ginagamit. Sa unang wika, nakakuha ang Surigawnon ng pinakamalaking bahagdan na 63.9% na sinundan naman ng wikang Boholano na nakakuha ng 24.1% Cebuano ay nakakuha lamang ng 2.4%. Mayroong 54.2% na bahagdan na nagsabing *wala silang ibang wikang sinasalita, ibig sabihin* ang karamihan sa mga tagatugon ay nagsasalita ng wikang Surigawnon.

**Talahanayan 3.** Wikang Gamit


| Variable                   | Categories                          | Frequencies | %    |
|----------------------------|-------------------------------------|-------------|------|
| Unang wika                 | Aklanon                             | 1           | 1.2  |
|                            | Boholano                            | 20          | 24.1 |
|                            | Cebuano                             | 2           | 2.4  |
|                            | Gigaquitnon                         | 2           | 2.4  |
|                            | Leyteno                             | 1           | 1.2  |
|                            | Surigawnon                          | 53          | 63.9 |
|                            | Tagalog                             | 2           | 2.4  |
|                            | Waray                               | 2           | 2.4  |
| Iba pang wikang sinasalita | Cebuano, Boholano, Tagalog, English | 2           | 2.4  |
|                            | Cebuano, Boholano, Tagalog          | 2           | 2.4  |
|                            | Boholano, Leyteno                   | 1           | 1.2  |
|                            | Cebuano, Tagalog, English           | 4           | 4.8  |
|                            | English                             | 1           | 1.2  |
|                            | Tagalog, English                    | 10          | 12.0 |
|                            | Aklanon, Tagalog, English           | 1           | 1.2  |
|                            | Tagalog/Filipino                    | 3           | 3.6  |
|                            | English, Tagalog, Sinurigao         | 2           | 2.4  |
|                            | Ilonggo, Tagalog, English           | 2           | 2.4  |
|                            | Kinamayo, Sinurigao                 | 1           | 1.2  |
|                            | Sinurigao, Tagalog                  | 4           | 4.8  |
|                            | Sinurigao                           | 1           | 1.2  |

|                                 |    |      |
|---------------------------------|----|------|
| Sinurigao, Tagalog, English     | 1  | 1.2  |
| sinurigao, Tagalog, Kapampangan | 1  | 1.2  |
| Tagalog, Waray                  | 1  | 1.2  |
| Waray, Tagalog, Cebuano         | 1  | 1.2  |
| Wala                            | 45 | 54.2 |

Maipapaliwanag ang kahalagahan ng pagkuha ng profayl ng mananaliksik kaugnay sa unang wikang ginagamit ng mga tagatugong Surigawnon sa mga sumusunod na *symmetric plot 1* at 2;


**Symmetric Plot 1.** Masilip sa symmetric plot 1 ang *Multiple Correspondence Analysis* ng Unang Wikang ng mga impormante batay sa kanilang Kasarian, Edad at Edukasyong natapos. Ipinakita ng tsart na ang mga lalaking impormante sa edad na 50 hanggang 60, nagtapos ng elementarya at hayskul ay gumagamit ng wikang Surigawnon bilang kanilang unang wika. Ang mga impormante sa edad na 41 hanggang 50, nagtapos ng kolehiyo o bokasyonal na kurso karamihan ay ang unang wika nila ay Letenyo. Ang mga babaeng impormante na nasa edad 18 hanggang 40 na nakapag-aral.

Symmetric Plot 1. *Multiple Correspondence Analysis* ng Unang Wikang ng mga impormante batay sa kanilang Kasarian, Edad at Edukasyong nataposng senior hayskul hanggang kolehiyo Binisaya gaya ng Cebuano, Waray at Boholano ang kanilang naging unang wika.



**Symmetric Plot 2.** Masilip din sa Symmetric Plot 2 ay *Multiple Correspondence Analysis* ng Unang Wika ng mga impormante batay sa kanilang Komunidad na kinabibilangan, tagal ng paninirahan, at hanapbuhay. Ipinakita ng tsart na ang dayalektong Surigawnon ay pangunahing ginagamit ng mga mag-aaral, mga empleyado sa pamahalaan at pribadong institusyon, self-employed, SB –sangguniang bayan, kapitan ng barangay, konsehali, magsasaka, karpentiro, drayber, maybahay, BHW, sekretarya ng barangay at manikyuristang mula sa Surigao City, Tubod, Dapa, Gen.Luna, Sta Monica, Alegria, at Placer na may 21 hanggang 50 taon at higit pang tagal ng paninirahan. Ang Boholano, Cebuano at Tagalog na dayalekto ay unang wika na ginagamit din ng mga nasa Phil Coast Guard, politiko, OFW, at Symmetric Plot 2.

**Symmetric Plot 2.** Multiple Correspondence Analysis ng Unang Wika ng mga impormante batay sa kanilang Komunidad na kinabibilangan, tagal ng paninirahan, at hanapbuhay



tambay na may 20 dalawampung taon at pababa ng tagal na paninirahan sa mga lugal ng San Francisco, Taganaan, Soccoro at Pilar. Ang wikang Waray at Letenyo ay ginagamit ng mga impormante /tagatugong mula sa Dinagat at Leyte lalo na sa mga mangingisda at taga-ingat yaman ng barangay. At ang Gigaquitnong dayalekto ay unang wika ng mga mamamayang Gigaquitnon lamang. Ang Suriganon-Higakitnon ay isa sa mga varayti ng Wikang Surigawnon na may kaiba sa bigkas ng pananalita kaysa ibang mga Surigawnon nakung ilalarawan ay *gut-gut* (matigas) na uri ng bigkas kaya walang ibang naitala na naging unang nila ang Gigaquitnon maliban sa mismong mamamayan doon.

### Pagsusuring Kogneyts ng mga Katutubong Wikaing Nakapaligid sa Wikang Surigawnon

Maaaring tinitingnan ang impluwensya ng wika batay sa heograpikal o sa tawag na Aerial *familiarity basis at typological familiarity o lexicostatistical glottochronology* na pamaraan (Hymes at Embleton cited by Greenhill & Gray, 2009)). Matitiyak ang *distinct* o kaiba ng Binisaya at Surigawnonng wika o sa ibang mga katutubong wikain sa pamamagitan ng pagsusuring *cognates (morpohiya)*. Sa bahaging ito, sinubukan ng mananaliksik na susuriin din ang kinilalang kogneyts ng ibang pag-aaral upang matiyak kung nagkaroon ba ng pagbabago ang galaw ng mga nakapaligid na wikain sa wikang Surigawnon, (talahanayan 4) sa pamamagitan ng *lexicostatistical* na pamaraan. Ito ay isang pamamaraan na paghahambing ng mga leksikal *cognates* na ganigamitan ng percentage.

Naipahayag ni Walton, C. (1979) sa kanyang pagsusuring kogneyts na ang Surigawnon ay taglay nito ang Cebuano ng 82%, Butuanon 69%, Hiligaynon 68%, Kamayoat Mamanwa 66%, Mandaya at Waray 64%, Tausug 57%, at Mansaka sa 55%. Mula kay Pallesen cited by Gallman, 1980) at Miller cited by Reid, 2009) sa kanyang paggalugad idiniin na ang Proto-Surigao o naunang mga tao ng Surigao ay mga Mamanwa, Surigaonon, Butuanon, Kamayo at Tausug. Sa kanyang paghahambing ng kogneyts sa wikang Mamanwa ay nagkaroon ng 82% Surigawnon; 77% Butuanon; Bislig-Kamayo 75%; Tausug 57%; and Cebuano 69%. Inilahad niya ang ang distribusyon ng mga ito; ang wikang Mamanwa mula hilaga at silangan ay Surigawnon; sa Kanluran ay halong Surigawnon at Cebuano; timog-kanluran ay Butuanon at sa timog-silangan ay Bislig-Kamayo. Sa pag-aaral ni Liwanag (2017) na ang wikang Surigaonon ay nagkaroon ng 82% kogneyts sa Cebuano. Inilarawan na may 57% Tausug ang wikang Surigawnon. Ayon kay Julian cited by Rosero, 2016, ang mga mamamayan ng Caraga ay Surigaonon, Cebuano, Butuanon, Manobo, Mamanwa at ang mga wika nila ay Surigaonon, Bisaya, Butuanon at Manobo. Ngunit may maraming mga hakahaka na ang wikang Surigawnon ay katulad ng Cebuano kaya hindi na kinilala ang Surigawnon bilang isa ring kaibang wika (Mc-Farland cited by Dumanig 2015).

Sa kasalukuyang pag-aaral, masabing hindi Cebuano ang unang wika ng mga mamamayang lumad-Surigaonon kung ibatay sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral sa talakay sa **Symmetric plot 2**, nagsabing ang unang wika ng Surigawnon ay wikang Surigawnon, pumapangalawa ang Boholano at may ilan lang Cebuano. Ang Cebuano ay ginagamit lamang ito sa mga kausap na hindi nila masyadong kakilala nangangahulugan lamang na lokal na lingua franca ang tungkulin ng Cebuano (Bayang 2013) dahil sa ito ay isang wikang nauunawaan sa boung lalawigan gawa ng malakas na gamit ng midya panradyo man o pantelibisyon at pamahayagan ngunit hindi ito ang nakasanayang sinasalita ng nakakaraming mamamayan. Matunog lamang ang Cebuano sa syudad ng Surigao hindi sa buong lalawigan nito, (talahanayan 3. Mapatunayan din ito sa Talahanayan 4, ng kasalukuyang pag-aaral tungkol sa *Paraan ng Paggamit ng mga Salitang Taal Surigawnon* na kung saan may 15% na bahagdan ang *pang-okasyon lang gamitin* ang wika; at may 30% ang *naiintidihan ngunit di ganagamit*. Ibig sabihin maaaring mailagay sa posisyon ang wikang Cebuano bilang *pang-okasyon lang gamitin*.

Minsan sinabi rin ni Frawley (2003) na ang karamihang ispinkers ng Surigao ay biligualismo at gayundin naman ang obserbasyon nina Lewis at Simons (2013) na sinabi nito na agad nagkaroon ng *language shift* o pagpalit-lipat ng wika ang mga Surigaonon ispinkers sa wikang Cebuano, kung ito ay pansin na ang kanyang kausap ay hindi Surigawnon naglipat agad wikang Cebuano para magkakaunawaan. Sumang-ayon ang ideyang ito sa naunang pag-aaral ni Fortunato (2017) na itinuring bilang Lingua franca ang Cebuano sa mga baying gumagamit nito.

Masisilip sa talahanayan 4 at 5 ang ilan sa mga wikaing itinuring na may kaugnay o kogneyts ng wikang Surigawnon sa pamamagitan ng *lexicostatistics percentage* o pabahagdan na pagtutuos ngunit bago maitalakay ang kogneyts ay nais munang ilahad ang deskripsiyon ng bawat wikain ayon sa nabasang literatura, narito ang sumusunod;

**Wikang Bisaya /Visayan Languages.** Ito ay pangkat ng mga wika na sinasalita sa pangunahing rehiyon ng Visayas. Pangkat ng wika gaya ng Cebuano, Hiligaynon, Waray, Baybayon, Kabalian, Hiligaynon, Capiznon, Romblolanon, Bantayanon, Porohan at Ati, (NSO2000). Ayon sa pag-aaral ni Zorc (1977) ang wikang Surigawnon ay sub-group ng Visayan language ng bahaging katimugan kasama nito ang Surigaonon-Siargaonon, Kantilanon, Tinandag at Tausug ngunit may kaibahan ding litaw ang bawat wika kahit magkapangkat ang mga ito. Kagaya ng Boholano, ito ay lokal na dialekto ng Cebuano na sinasalita sa Bohol ngunit may pagkakaiba pa rin ang

**Talahanayan 4.** Pagsusuring Kogneyts ng mga katutubong wikain nakapaligid sa Wikang Surigawnon batay sa Bahagdan

| Wikain               | Bilang ng mga salita | Batis                                                                                                                                                                           | (F)Cognates Surigawnon | (%) Cognates |
|----------------------|----------------------|---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|------------------------|--------------|
| 1. Bisaya Binul-anon | 77                   | <a href="https://micelle.wordpress.com/2011/05/20/bola-anon-dialect">https://micelle.wordpress.com/2011/05/20/bola-anon dialect</a>                                             | 50                     | 65%          |
| 2. Bisaya Cebuano    | 200                  | <a href="http://www.binisaya.com/node/962/817">www.binisaya.com/node/962/817</a>                                                                                                | 96                     | 48%          |
| 3. Minamanwa         | 150                  | <a href="https://docs.verbix.com/language/Mamanwa">https://docs.verbix.com/language/Mamanwa</a><br>at aktwal na kalap ng mga mananaliksik (Calvara at kasamahan)                | 61                     | 34%          |
| 4. Tausug            | 142                  | <a href="https://en.wikipedia.org/wiki/Tausug_language">https://en.wikipedia.org/wiki/Tausug_language</a>                                                                       | 20                     | 14%          |
| 5. Manobo            | 150                  | <a href="http://www.language-museum.com/encyclopedia/m/Manobo-dibabawon.php">www.language-museum.com/encyclopedia/m/Manobo-dibabawon.php</a> at aktwal na kalap ng mananaliksik | 16                     | 11%          |
| 6. Badjau            | 78                   | Aktwal na kalap ng mananaliksik (Abdul Durael)                                                                                                                                  | 8                      | 10 %         |
| 7. Kamayo            | 57                   | <a href="http://Kamayoblogspot.com/2007/08/kamayo.html">Kamayoblogspot.com/2007/08/kamayo.html</a>                                                                              | 19                     | 33%          |
| <b>8. Butuanon</b>   |                      |                                                                                                                                                                                 | <b>0</b>               |              |
| Kabuuan kogneyts     | 854                  | Varayti ng dayalekto impluwensiya sa Wikang Surigawnon                                                                                                                          | 270                    | 31%          |
|                      |                      | Surigawnon                                                                                                                                                                      |                        | 69%          |

ilang galaw ng mga tunog nito. Halimbawa “akoa” sa Cebuano ay naging “ahoa” sa Boholano. Para sa mga Surigawnon ang salitang “Bisaya” ay iba ang pagpapakahulugan nito, tumutukoy sa kahulugang “*native tongue*” o katutubong wika na Surigawnon at hindi tumutukoy sa Bisaya-Cebuano ng wika.

Ang wikang Cebuano ay napabilang sa Bisaya tinatawag minsan na wikang Sinugbuan, Sinugbuanon o Sugbuanon. Inilarawan na bago pa man dumating ang mga Kastila nagkaroon na ng wikang Sinugbuan na may tatlong patinig /a/, /i/, at /u/. At nadagdagan lamang ang mga ito ng /e/ at /o/ sa pagpasok ng mga salitang hiram na Kastila sa panahon ng Pananakop ng Kastila. Sa kasalukuyan, gumagamit na sila ng limang patinig /a/, /e/, /i/, /o/, at /u/; at may (15) labinlimang katinig gaya ng /b/, /k/, /d/, /g/, /h/, /l/, /k/, /l/, /m/, /n/, /p/, /r/, /s/, /t/, /w/, /y/. Ngunit mataandaan na hindi maikaila na sa mga panahong kompyuterisasyon ngayon maraming mga bagong salitang usbong na dala ng teknolohiya at sabay ng pag-unlad ng wika. Gumagamit ang wikang Sinugbuan ng walong dagdag na letra tulad ng /c/, /f/, /j/, enye, /q/, /v/, at /z/ sa mga hiram na salita. Ngunit ang mga ito ay di nakakaapekto sa katutubong alpabetong Sinugbuan, Rubrico (2011). Sa pag-aaral ni Babendure, et.al. (2011) na ang wikang Surigaanon ay nagkaroon ng 82% kogneyts sa Cebuano. Ngunit sa kasalukuyang pag-aaral ay nagkaroon lamang ito ng 48% mula sa 200 na mga isinuring salita may nakitang 96 na magkasintulad na salita at kahulugan (talahanayan 5).

May 65% Binul-anon mula sa 77 na mga salita at may nakitang 50 na bilang ng salita nito ang magkatulad na salita sa Surigawnon; Batay sa datos, mataas ang bahagdan ng pagkakatulad ng Boholano kaysa Cebuano. Kung galugarin ang heograpikal na aspeto, makikita sa mapa ang lokasyon ng Visayas ay malapit lang sa isla ng Mindanao. Maoobseranhan na ang mga mamamayan ay labas pasok halos araw- araw sa mga lugal na ito sa pamamagitan ng transportasyong pandagat at himpapawid. Mabilis ang pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng negosyo, edukasyon, trabaho, mga katutubong hanapbuhay gaya ng pangingsda, pagmimina, pagtanim, pangungupra at iba pa. Ang nasabing sitwasyon ay nagpapakita ng di-pagkakapareho ng wika ng mga tagapagsalita na mula sa iba’t ibang kultura o pinanggalingan at nakapasok sa isang pangkat na bumuo ng pagbabago sa naratnang wika ay kabilang sa sosyal na dimensiyon (Constantino & Todd, 2000). Sa pakikipanayam ng mananaliksik mas maramihang nandarayuhan sa Surigao na nagmumula sa Bohol kaysa Leyte at Cebu. Maliban sa



naunang dahilan ng pandarayu, ilan sa mga mga impormanteng nakapanayam na may edad na 55 pataas nagkwento ng sumusunod(Gomez, 2019; Chaves, C. M. (2009).

Una, ang kanilang mga magulang ay napadpad mula Bohol pa-Mindanao dahil sa noong panahon ng mga Kastila ay pinilit silang magtrabaho sa paghuhugis ng bato upang maipatayo ng simbahan partikular sa Bohol na siyang pinakalumang simbahan na dinarayo ng mga turista sa mga panahong ito. Ayon sa kwento, bawat araw ay kailangan makagawa sila ng tatlong hugis marmol na bato para sa mga lalaki at dalawa para sa mga babae. Ang hindi makasunod ng kautusang Kastila na ito ay makakatanggap ng parusa. Simula noon ay naisipan nilang maglayag upang makalayo sa kalupitan ng mga Kastila. At sila ay nakadaong sa lugal ng Higakit, Claver ng Surigao del Norte na karamihan ay may dalang wikang Boholano at ang iba naman ay nakarating sa Agusan del Norte, Agusan del Sur at iba pang panig ng Mindanao.

Ikalawa, mula sa Alegria at Tubod na kinapanayam ng mananaliksik karamihan ay mula sa Bohol na ang kanilang wika ay Cebuano. Dumarayo ang Boholano dahil sa nakabili sila ng malalaking lupain at magandang hanapbuhay para magsaka, kopra at pagtanim ng palay. Sa bahagi naman ng Placer ang dumarayo din naman doon ay mula sa Bohol pa rin na may dalang wikang Bisaya mix Boholano at Cebuano ang himig. Ito ay dahil sa negosyo at malaking kita ng pangingsda. Ayon sa kanila ang mga boholano kasi ay magagaling sa pangingsda laging marami ang kuha nito. Sa bahagi naman ng Malimono ay Boholano pa rin ang mga karamihan dahil ang lugal ng Malimono ay sagana sa yamang-dagat at pangingsda ang pinakapatok na pangunahing hanapbuhay nila rito. Ang kanilang wikang dala ay dalisay na Boholanong may bakas na salitang pud, sagana sa gamit na “j” kaju (apoy), kaaju (mabuti), inju (inyo), unja (mamaya); at sa letrang “h” “ahu (akin) at “w” bawo (diko alam) “waa” (wala).

**Mamanwa.** Ang Mamanwa ay kaangkan ng Malayo-Polenisya by Dyen (1965). Ang wikang Mmanwa ay napabilang sa pamilya ng Wikang Bisaya sa katimugang Pilipinas. Sa pag-aaral ni Pallesen (n.d), ang pamilya ng Wikang bisaya ay nahahati sa dalawa, ang Proto- Surigao at Proto Mansaka. Sa wikang Mamanwa, batay sa kasalukuyang mananaliksik nakahanap ito ng 50 na mga salitang halimbawa ng pandiwa (verbix 1995-2019). Nakikita sa nasabing mga salita na may patinig na /a/, /e/, /i/, at /o/ ang wikang Mamanwa. Sinubukan ng mananaliksik paano bigkasin ang mga ito. Kapansin na ang ponemang /o/ ay hindi malambot na pagbigkas katulad sa Filipino kundi impit na matigas ang bigkas nila para bagang /u/ na may impit ngunit sa kanilang pagsulat ay nirepresenta ng titik /o/ halimbawa sa salitang soka (vomit) suqka; sonog (fire); sobo (to cook); tagoq (to hide); bazo (to beat); laqong (to say); kalot (to scratch); torog (to sleep); hangod (to smell): (Verbix 2019). Ang mga salitang ito ang pinagbatayan sa pagsulat gamit ang patinig na /o/ walang /u/ na makikita sa 50 na mga salitang nabasa at sinuri. Mayroong ding 16 katinig na nasilip ng mananaliksik sa katulad na mga salitang lahad. Ang mga katinig ay ang sumusunod: /b/, /d/, /g/, /h/, /k/, /l/, /m/, /n/, /ng/, /p/, /q/, /r/, /s/, /t/, /w/, /y/, /z/. Ang mga salitang ito ay: Bangag (to bite); Dikag (to scratch); gabon (cloud); hoyop (to blow); kilat (lightning); la?ong (to say); magazin (good); napolo? (ten); palit ( to buy); qanot (to hunt); sobo (to cook); tanak (to fall); walo (eigth).

Ang /q/ at /?/ ay magkatulad na tunog sa Mamanwa. Maaring isulat na /qanot/ o /?anot/. Walang letrang /J/ salitang ginagamitan sa wikang Minamanwa. Ang letrang /y/ at /z/ ay nagagamitito bilang naunang letra o inisyal na letra sa isang salita. Kadalasan ay nakikita sa gitna at panghuling pantig ng salita katulad ng /patay/ at sizip (to suck). Nasuri rin ng mananaliksik ang bahagdan ng kognets sa pagitan ng wikang Surigawnon at Mamanwa. Batay sa suri natuklasan na nagkaroon ng 34% na ganap na magkatulad ang gamit ng salita sa panulat at pagpapakahulugan nito katulad na lamang ng mga salitang kawat, pislit, kita,hawid, hoyop at iba pa. Kung saan mula sa kabuuang 150 na nasuring salita 61 ay ganap na magkatulad o kogneyts nito sa Surigawnong wika, (Talahanayan 4 at 5).

Batay sa obserbasyon ng Mananaliksik patungkol sa pagbigkas ng natukoy na mga sampol na mga pandiwa. Kapansin-pansin na ang bigkas ng ponemang /o/ batay sa kanilang pagsasalita ay nasa tunog ng /U/ matigas na tunog. Lahat ng mga bigkas ng katutubo ay maliwanag na halos maragsa ang diin at kapansin pansin din na pinkagamitin tunog sa kanilang panulat ay ang ponemang /q/ gaya ng piliq ( to choose), Mamqin ( to chew), sinqad (to cook),tagqinip ( to dream), qinim (to drink) kaqin (to eat), batiq (to hear) tagoq (to hide), qanot (to hunt),tahi q (to sew), laqong (to say) qilib (to spit), loqtoq (to sit),qikit ( to tie up, <https://docs.verbix.com/language/Mamanwa>

**Tausug.** Ang Tausug ay isang panrehiyunal na wika na sinasalita sa lalawigan ng Sulu sakop ng Pilipinas as sa silangang bahagi ng estado ng Sabah, Malayasia ng mga mamamayang Tausug. Ito rin ay lawakang siasalita sa sa Tawi-tawi Sulu arkepilago, Zamboanga Peninsula (Zamboanga del Norte, Zamboanga Sibugay, Zamboanga del sur at syudad ng Zamboanga), sa katimugang Palawan, at Malaysia (silangang bahagi ng Sabah). Ang Tausug at Chavacano lamang ay siyang sinasalita sa isla ng Borneo, (Tausug Ethnologue 2015). Ayon sa pagsusuri ni Tan (1967) tungkol sa ponolohiya ng Tausug nagkaroon ito ng 4 na patinig gaya ng /a/, /i/, /u/, haba, at schwa na tinig. Ang mga letrang /e/ at /o/ ay ginagamit sa mga salitang hiram; may apat na diptonggo /aw/, /uy/, /ay/ at /iw/; at may 16 na mga katinig gaya ng /b/, /d/, /g/, /h/, /j/, /k/, /l/, /m/, /n/, /ng/, /p/, /r/, /s/, /t/, /w/, at /y/. Wala itong c, f, q, v, x, at z. Ayon kina Walton sinipi ni Liwanag (2015) na may 57% kogneyts ang wikang Tausug sa wikang Surigawnon; ngunit sa kasalukuyang pagsusuri mayroon lamang itong 14% na kogneyts.

Batay sa mga salitang nakuha sa Tausug language Wikipedia mula kay Jawali (2006) sa kanyang Tausug -English-Tagalog Dictionary may sinuring mga salita ang mananaliksik sa 116 mga salitang- ugat ng Tausug ay halos walang kaparehong salitang Surigawnon ang nakikita ng mananaliksik maliban sa bilang 1-10 ( isa, duwa, upat, lima, unum, pitu, walu at siyam); panghalip (aku, ikaw, siya, kami, kamu at sila) at isa sa patanong (unu) na karaniwang mga salitang gamit ng mga Surigawnon. Sa mga numero at panghalip ay mataas ang bahagdan na halos magkapareho ang Tausug, Surigawnon at Cebuano o Binisaya sa mga katawagan. Sa kabuuan nagtala lamang ito ng 14% na kogneyts mula sa 142 na mga salita may 20 ang nakitang magkatulad sa pagitan ng mga wikang Tausug at Surigawnon.

**Manobo.** Isa sa mga wika ng Pilipinas ang Manobo o Banobo na ang mga mananalita ay matatagpuan sa hilagang bahagi ng Mindanao, sentral Mindanao at sa rehiyon ng Caraga. May iilan na nakitang mga nagsasalita ng Manobo sa kanlurang bahagi ng Davao oriental, davao del sur, sultan Kudarat at sa liblib na lugal ng Palawan. May mga pangunahing patinig ang Manobo tulad ng; /a/, /ae/, /e/, /o/, /w/, at /ue/. Ngunit ito ay dinagdagan ng /ey/ na kahalintulad ng /e/ ngunit pahaba ang bigkas at /iy/ na kung saan kahlintulad din ang haba. Ang Manobo ay may tatlong patinig na tunog katulad sa Cebuano. Sa Manobo ginagamit sa pagsulat ang /a/, /i/, at /w/. Hindi nila isinulat ang /u/ at /o/ at /e/ ng Cebuano dahil sa Manobo ang mga letrang /o/ at /e/ nagrepresenta ng iba't ibang tunog. Halimbawa /a/ a.baga (shoulder); /ae/ 'aehu (pestle); /ey/ medu'on (there is); /i/ inay (mother); /iy/ abiy (mip); /o/ o'nom (six); /u/ 'ubu (cough); at /ue/ kambeu (basket). Ang /o/ sa Filipino ginawang schwa sounds or pepet na tunog sa Manobo. Mayroong labing-anim (16) na katinig ang wikang Manobo: /b/, /d/, /g/, /h/, /j/, /k/, /l/, /m/, /n/, /ng/, /p/, /r/, /r/, /t/, /w/, at /y/, (Gelacio, Loong at Schumacher, 2000).

Sa kasalukuyang pag-aaral may 11% kogneyts ang Manobo sa wikang Surigawnon. Ibig sabihin may impluwensiya o nakapasok na salita mula Manobo patungo Surigawnon. Mula sa 150 na mga salitang Manobo may nahanap na labing anim (16) lamang na katulad na salita at magkatulad ding kahulugan o ganapang kogneyts kung tawagin sa pag-aaral. Katulad ng mga salitang; malipajon (masaya), a'baga (balikat), o'nom (anim), ja'bu (natapon), at humot (bango) para sa ganapang kogneyts. Ang mga salitang katunog lamang na tinatawag sa pag-aaral na di-ganapang kogneyts gaya ng: ngadan (Manobo), *ngayan* sa Surigawnon; Panow (Manobo), *panaw* sa Surigawnon; So'da (Manobo), sud<sub>2</sub>an sa Surigawnon; koba (Manobo), kuyba sa Surigawnon at iba pa. Ito ay may mga pagbabagong morpomonemiko sa pagitan ng dalawang wika sa mga prosesong pagpapalit ponema /d/ naging /y/; ang /o/ naging /a/; at minsan may dagdag ng /n/ at /y/ na kabilang pa rin sa kogneyts. Isinalang-alang sa pagsusuri ng mananaliksik sa wikang Manobo ang ganapang kogneyts at di ganapang kogneyts na naipaliwanang na sa naunang talata.

**Badjau.** Ang badjau ay may maraming sangang pangkat, isa na rito ang sama-badjau na ang pinagmulan ay angkan ng Autronesia ng karagatang timog-Silangang Asya at katimugang angkan ng Pilipinas. Ang badjau sa Pilipinas ay pinapangkat batay sa kanilang paniniwala na kahalintulad ng Moro. Sa loob ng limampung taon karamihan ng sama-badjau ay nagsilipatan sa kalapit bansa ng Malaysia at sa mga isla ng hilagang Pilipinas. Sila ang pinakamalaking pangkat etniko ng Sabah, Malaysia noong 2010. Sa Pilipinas tinatawag ang pangkat ng sama-badjau bilang mga taong palimos sa kadagatan. Patuloy ang pandarayuhan dahilan sa pangangalakal, nakikibagay ang mga ito kung saan lugal hanggang sa napadpad sa Zamboanga, Basilan at bahaging arkepilago ng Sulu. Iba ang kanilang wika kaysa Tausug na nauugnay sa hilagang etniko ng Pilipinas gaya ng mga Bisaya. Noong 1985, isang antropologo na si Alfred Kemp Pallasen, sa kanyang pag-aaral inihambing nito ang oral na tradisyon at lingwistikang aspeto. Napatunayan na ang wika nila ay nag-ugat sa Borneo ng proto-sama-Badjau na mga mamamayan. "Sinama" ang tawag sa kanilang wika, na diyalekto ng wikang Samal. Ang iba nama'y Badjau, Badjaw, o Badjao ang tawag sa kanilang wika upang maiba sa salitang ginagamit ng mga Samal na naninirahan sa

lupa. Ipinagpapalagay ng ilan na ang Badjao ay katulad ng maliit na pangkat ng mga Samal laut (mga Samal na naninirahan sa dagat) o Samal tonqongan (totoong Samal.).

Ayon kay Blumentritt (1892) na ang Samal Laut at Badjao ay dalawang magkaibang grupo. Unang dumating ang mga Samal Laut bago ang mga Badjao at nanirahan sila sa kapuluan ng Samales na matatagpuan sa pagitan ng Jolao at Basilan. Naiiba sila sa Samal de Lea o Samal Dea o Samal Lipid (mga Samal na naninirahan sa lupa) o Samal ha Gimba (Samal sa Kagubatan) na Samal o Sama sa simpleng katawagan. Tinatawag na Luwaan (tagalabas o itinakwil) ng mga Tausug ang mga Badjao at Palau (lumulutang na mga tao) kung saan nagmula ang pangalan ng isla ng Palawan. Ang salitang Palau ay ibang katawagan sa Paraw (Bangka). Pinangangalanan din silang Kuto Dagat o Kuto Tahik (mga kuto ng dagat) ng mga Tausug at Samal. Gayunpaman, sinasabi ng mga Badjao na sila ay mga Samal o Sama.

Sa kasalukuyang pag-aaral, nasusuri ang kogneyts ng wikang sinama ng badjao sa paghahambing nito sa wikang Surigawnon dahil sa pekulyar ang pangkat ng badjao sa lugal ng Surigao, napag-alaman na mayroong 10% na ambag ng badjao sa wikang Surigawnon. Ang datos ay mula sa 78 na mga salita at 8 salita lamang ang nakuhang katulad sa salitang Sinurigawnon gaya ng ; Bayhu (noo), bailo (palitan), Talinga (tainga),kagaw( dumi),elo (tisyu), Kusina (kitchen), utuk (utak), at pahokas (pangkasal na damit). Ang mga salitang sinusuri ay aktwal na likom ng mga mananaliksik kuha mismo sa mga mamamayang badjao ng siyudad ng Surigao.

**Kamayo.** Ang wikang Kamayo ay mula sa angkan ng Austronesya. Ito ay sinasalita sa kalakhang bahagi ng gitnang silangan ng Mindanao sa mga lugal ng Surigao del Sur (*Bislig, Barobo, Hinatuan, Lingig, Tagbina, Lianga, San Agustin, Maribataq*) at Davao Oriental, Agusan Del Sur. Sinabi na ang wikang Kamayo ay ginagamit ng mga Mandaya ng Davao Oriental at malapit na magkatulad na wika sa Tandaganon at Surigaonon ang pinagkaiba lang ay ang mga panlaping dagdag sa mga salitang ugat partikular sa mga salitang pang-uri (Kamayo language Wikipedia ethnologue 2015). Halimbawa: *maliit*; (gamay –Cebuano/ Surigawnon norte; *gamayay* sa Surigawnon Sur / Kinamayo. Ang *malaki*; dako sa Cebuano/ Surigawnon norte; *Dakoay* sa Kinamayo at Surigawnon Sur. Ang Surigawnon del Sur at Kamayao ang magkalapit na magkapatid na wika; samantala ang Surigawnon del Norte at Bisaya-Cebuano/Boholano ay magkalapit o magkapatid na mga wika batay sa kogneyts na pagsusuri (Mundiz, 2019; Hasselbring, Vioria & Mata, 2011; Bagood, 2018); (Daug, n.d.).

Sa katanayan sa pagsusuring kogneyts ng kasalukuyang pag-aaral (Talahanayan 4 at 5), nagkaroon ng 33% na bahagdan ang pagkakatulad o kogneyts ng Kamayo nakapasok sa wikang Surigawnon ng Norte, mula sa 57 na mga nahanap na salita may nakitang labinsiyam (19) na kaparehong salita tulad ng; arang (many), alima Hands), biga (bitch), Hamok (abundance), ido (dog), inday (idont know), labak (throw),siki(feet) silom (tomorrow) at iba pa. Mababa lamang ang impluwensiya ng Kamayo kaysa Bisaya Boholano na may 65% at Cebuano na may 48% na bahagdan kogneyts.

**Butuanon.** Ang wikang Butuanon ay angkan ng Austronesia na sinasalita sa Agusan del Norte at Agusan del Sur. Inilarawang kapareho nito ang wikang Cebuano at magkalapit sa wikang Tausug at Surigawnon (Wikipedia ng Butuan ethnologue 2015) at sa pagsusuri naman ng ethnic Groups-NCCA (n.d.) na ito ay malapit na magkatulad sa Tausug ng Jolo at Kamayo ng Bislig. *Lapaknon* ang ibang tawag sa wikang Butuanon na ang ibig sabihin ay mga taong nakatira sa *swampy areas*. Sa taong 1990 ay nakitang 30,000 isipikirs mayroon ang Butuanon ngunit ang bilang na iyan ay naging pinangangambahan sa kasalukuyan dahil umano sa unti-uning paglaho nito pansin sa kasalukuyang henerasyon. Sa ulat ni Cabuang cited by BAUTISTA & FRANCISCO (2015) ng Save our Languages Through Federalismo (SOLFED) Foundations sinabing sa mga nakakabatang henerasyon sa hilagang silangang Mindanao tanging 500 na lamang ang nakapagsalita ng Butuanon. Subalit masisilip sa talahanayan 5 na walang enteri ng mga salita sa Butuanon na hanay at ayon sa ilang literatura na ang Butuanon ay malapit na magkapatid na wika sa Kamayo. Bigo ang mananaliksik sa paghanap ng wikang Butanon dahil wala nang mahagilap na mananalitang Butuanon sa lugal ng Butuan mismo, ang naririnig doon ay masugid na wikang Cebuano na mananalita (Hicana, 2017); (De Los Reyes, 2014).

Talahanayan 5. Leksikal kogneyts ng Wikang Surigawnon buhat sa mga Katutubong Wikain

| Blg.                | Binul-anon   | Cebuano      | Mamanwa       | Tausu g | Manobo    | Badjau  | Kamayo   | Butuan on |
|---------------------|--------------|--------------|---------------|---------|-----------|---------|----------|-----------|
| total na mga salita | 77           | 200          | 150           | 142     | 150       | 78      | 57       | 0         |
| 1.                  | Way sapayan  | Sila         | Hoyop         | Unu?    | Yubong    | Bayhu   | Arang    |           |
| 2.                  | Kadto        | Anak         | Sonog         | Mu?     | Malipajon | Bailo   | Ama      |           |
| 3.                  | Didto        | Dili         | Palit         | Kaw?    | A'baga    | Talinga | Ayok     |           |
| 4.                  | Salamat      | Ako          | Panik         | Isa     | P'nay     | Kagaw   | Alima    |           |
| 5.                  | Kumusta      | Gikan        | Pikas         | Upat    | O'nom     | Elo     | Bayad    |           |
| 6.                  | Amping       | Tawo         | Patay         | Lima    | Ja'bu     | Kusina  | Biga     |           |
| 7.                  | Ganahan      | Bisan        | Kabot         | Unum    | Ngadan    | Utuk    | Dingding |           |
| 8.                  | Abot         | Tanan        | Tanak         | Pitu    | Panow     | Pahokas | Kamang   |           |
| 9.                  | Mahal        | Kamo         | Hawid         | Walu    | So'da     |         | Hamok    |           |
| 10.                 | Barato       | Ikaw         | Kilala        | Siyam   | Tiyahu    |         | Hungog   |           |
| 11.                 | Nagu-ol      | Didto        | Katawa        | Isab    | Yangit    |         | Ido      |           |
| 12.                 | Pagdali      | Adlaw        | Kita          | Sukul   | Mahomut   |         | Ina      |           |
| 13.                 | Dali         | Hari         | Pislit        | Lupa    | Kaju      |         | Inday    |           |
| 14.                 | Diri         | Ibabaw       | Kawat         | Aku     | Namatoy   |         | Labak    |           |
| 15.                 | Tagpila      | Batok        | Langot        | Kita    | Tatoyu    |         | Labakan  |           |
| 16.                 | Sija         | Atubangan    | Timbag        | Ikaw    | Koba      |         | Panik    |           |
| 17.                 | Palit        | Tuig         | Panaw         | Siya    |           |         | Panaug   |           |
| 18.                 | Palamu-ot    | Dapit        | Soka          | Kami    |           |         | Siki     |           |
| 19.                 | Lami         | Duha         | Tarabaho      | Kamu    |           |         | Silom    |           |
| 20.                 | Kinalami-an  | Tubag        | Pangaran      | Sila    |           |         |          |           |
| 21.                 | Kutasan      | Kamot        | Bantazan      |         |           |         |          |           |
| 22.                 | Sakay        | Balita       | Atimanen      |         |           |         |          |           |
| 23.                 | Tabangan     | Kinabuhi     | Hawidan       |         |           |         |          |           |
| 24.                 | Dili         | Kaugalingon  | Magminzen     |         |           |         |          |           |
| 25.                 | Sige         | Opinyon      | Manhinlo      |         |           |         |          |           |
| 26.                 | Gwapa        | Banat        | Ankaon        |         |           |         |          |           |
| 27.                 | Mangaonta    | Lamang       | Bangaen       |         |           |         |          |           |
| 28.                 | Adlaw        | Butang       | An inom       |         |           |         |          |           |
| 29.                 | Buntag       | Panahon      | Anlangoy      |         |           |         |          |           |
| 30.                 | Hapon        | Bahin        | Did-an        |         |           |         |          |           |
| 31.                 | Gabii        | Normal       | Lingien       |         |           |         |          |           |
| 32.                 | Pasaylu-ako  | Nako         | Maghona-hona  |         |           |         |          |           |
| 33.                 | Nahigugma ko | Kasingkasing | Lang-on       |         |           |         |          |           |
| 34.                 | Manghud      | Manila       | Laong-laongan |         |           |         |          |           |
| 35.                 | Ginikanan    | Kita         | Itimbag       |         |           |         |          |           |
| 36.                 | Buang ka!    | Kalingawan   | Manhogas      |         |           |         |          |           |
| 37.                 | Di-a ra ko   | Human        | Hogasan       |         |           |         |          |           |
| 38.                 | Suko         | Unta         | Andaeg        |         |           |         |          |           |

|     |         |                 |             |
|-----|---------|-----------------|-------------|
| 39. | Lipay   | Labing          | Magtrabaho  |
| 40. | Kanta   | Dinhi           | Hinangen    |
| 41. | Sayaw   | Mata            | Magtagad    |
| 42. | Dad-a   | Sab             | Manghambo   |
| 43. | Palihug | Panon           | g<br>Malaas |
| 44. | Daku    | Tubig           | Babazi      |
| 45. | Duha    | Gawas           | Maimpis     |
| 46. | Upat    | Buot            | Daragahay   |
| 47. | Lima    | Gugma           | Alitaohay   |
| 48. | Unom    | Ulo             | Inaen       |
| 49. | Pito    | Patay           | Oma         |
| 50. | Siyam   | Una             | Sapà        |
| 51. |         | Mayor           | Mahinglò    |
| 52. |         | Sunod           | Madazaw     |
| 53. |         | Bata            | Beetan      |
| 54. |         | Hubag           | Madawat     |
| 55. |         | Tingog          | Malabhà     |
| 56. |         | Gihimo          | Hapit       |
| 57. |         | Lawas           | Leen        |
| 58. |         | Nasod           | Makalolooy  |
| 59. |         | Balaod          | Ponto ponto |
| 60. |         | Kahoy           | Goramay     |
| 61. |         | Tibuok          | Mabeg-at    |
| 62. |         | Lima            |             |
| 63. |         | nakita          |             |
| 64. |         | Kalag           |             |
| 65. |         | Bato            |             |
| 66. |         | Nato            |             |
| 67. |         | Metro           |             |
| 68. |         | Halaran         |             |
| 69. |         | Iya             |             |
| 70. |         | Nahitabo        |             |
| 71. |         | Dugo            |             |
| 72. |         | Sala            |             |
| 73. |         | Salapi          |             |
| 74. |         | Biktima         |             |
| 75. |         | Halad           |             |
| 76. |         | Balak           |             |
| 77. |         | Langit          |             |
| 78. |         | Libo            |             |
| 79. |         | Sukad           |             |
| 80. |         | Buhi            |             |
| 81. |         | Pero            |             |
| 82. |         | Espiritu        |             |
| 83. |         | Hasta           |             |
| 84. |         | Kinahangla<br>n |             |
| 85. |         | Hinungdan       |             |
| 86. |         | Alagad          |             |
| 87. |         | Upat            |             |
| 88. |         | Isip            |             |
| 89. |         | Dagat           |             |
| 90. |         | Gihapon         |             |
| 91. |         | Bukid           |             |

|                          |            |            |            |            |            |            |            |             |  |
|--------------------------|------------|------------|------------|------------|------------|------------|------------|-------------|--|
| 92.                      |            | Tinoud     |            |            |            |            |            |             |  |
| 93.                      |            | Pito       |            |            |            |            |            |             |  |
| 94.                      |            | Kusog      |            |            |            |            |            |             |  |
| 95.                      |            | Namo       |            |            |            |            |            |             |  |
| 96.                      |            | Pangutana  |            |            |            |            |            |             |  |
| <b>total na kogneyts</b> | <b>50</b>  | <b>96</b>  | <b>61</b>  | <b>20</b>  | <b>16</b>  | <b>8</b>   | <b>19</b>  |             |  |
| <b>% impluwen - siya</b> | <b>65%</b> | <b>48%</b> | <b>34%</b> | <b>14%</b> | <b>11%</b> | <b>10%</b> | <b>33%</b> | <b>=31%</b> |  |

**Sa madaling sabi**, ang pinakamataas na ambag batay sa isinalang na walong wikain ay ang Boholano 65% ilan sa mga dahilan ay ang heograpikal na lokasyon, likas na yaman, kabuhayan ng mga tao at migranting nanahanan sa lugal na kung saan karamihan nito ay mula sa Bohol. Isang patunay na taglay ng Boholano ang wikang Surigawnon ay ang mga salitang may ponemang /j/ ng Varyasyong Leksikal na pagsusuri.

Sinundan ng Cebuano 48% kogneyts at ang naging dahilan ay edukasyon kung saan karamihan ng mga propesyunal ay nag-aaral sa siyudad ng Cebu, ang iba nakapag-asawa at balik sa Surigao upang magtrabaho. Pumapangatlo ang Mamanwa 34% ang nakitang sanhi sa impluwensiya ng Mamanwa ay sadyang sila talaga ang unang pangkat na naninirahan sa Surigao kung saan naukit na sa simula pa ang sinaunang salitang narinig ng mga kaninunuan, bagama't hindi man mataas ang bahagdan katulad sa Boholano, ito ay dahil simula't sapul bundok ang kanilang kilalagan, malayo sa kapatagan di gaanong nakakahalubilo ng matagalan ang kanilang wika. Ang Tausug ay may 14% lamang dahil sa heograpikal na pagkakaalam napakalayo ang lokasyong Sulu sa lalawigan ng Surigao del Norte gayundin din ang Manobo na may 11%, mas malapit ang Manobo sa heograpikal na lokasyon sa Surigao del Sur. Ang badjau 10%- mahina ang impluwensiya dahil hiwalay masyado ang kanilang tinitirhan at walang sinumang nakausap nilang tagalabas o ibang pangkat kundi ang kanilang grupo lamang. At ang Kamayo na may 33% na ayon sa ibang pananaliksik na ang orihinal na wikang Butuanon ay may malaking taglay sa Kinamayo. Kaso sa mga panahong ito lumitaw na Cebuano na halos lahat ng Butuanon sa kanilang pananalita. Wala nang makuhang impormante na nagsasalita ng Butuanon na may katulad sa Kinamayo. Pinakamaliit na kogneyts dahil bihira lamang ang transaksiyong panghanapbuhay patungo sa kanilang lugar.

Pinakamataas na kogneyts sa mabilisang galaw ng hanapbuhay at edukasyon; mabilis ang impluwensiya nito. Ayon sa simulaing kogneyts *“The higher the proportion of cognacy the closer the languages related”*, by Dyen (1975)..Ibig sabihin mas magkalapit o pagkakapareho ang Bisaya-Boholano at wikang Surigawnon na siyang pinakamataas na bahagandang ipinakita sa datos kaysa ibang mga inihambing na wikain sa lalawigan ng Surigao del Norte.


**Konsepto ng Wikang Surigawnon**

Batay sa isinuring kogneyts mailalarawan ang konsepto ng wikang Surigawnon na makikita sa bar graph bilang 1.

Sa pag-aaral na pinamagatang “A Grammar Sketch of Surigaonon” ng mag-aaral mula sa UP Diliman (Liwang, 2017) na ang Wikang Surigawnon ay pangunahing wika na sinasalita sa mga lalawigan ng Surigao del Norte at Surigao del Sur sa isla ng Mindanao. Tandaganon sa Surigao del Sur partikular sa Tandag, Tago, Bayabas, at Cagwait. Binanggit din niya na may apat na dayalekto ang Surigaonon gaya ng Cantilan, Naturalis o tinawag na Tandaganon, Surigaonon at Jaun-Jaun. Ngunit nilinaw niya na hindi gaano siya kakumbisido sa kanyang mga kuhang impormasyon dahil ang Tandaganon o Naturalis ay hiwalay na wika sa Jaun-Jaun o waya-way. Ang mga kalituhang ito ay maipaliwanag sa kasalukuyang mananaliksik bilang lumad na Surigaonon batay na rin sa maingat na pagalugad sa kasaysayan at kogneyts upang palitawin ang tawag ng partikular na wikang kinalilituhan ng maraming mga mananaliksik. Masisilip sa bar graph 1 ang konsepto ng wikang Surigawnon sa pamamagitan ng pagkilala ng kogneyts;

Ang wikang Surigawnon ay may dalang mga iba't ibang wikain gaya ng Bisaya Binul-anon 65%; Cebuano 48%; Minamanwa 34%; Kamayo/Butuanon 33%; Tausug 14%; Manobo 11%; at Badjau 10%. Ito

**Bar graph 1.**Konsepto batay sa Impluwensiya ng ibang mga wikain sa wikang Surigawnon



ang mga wikang bumubuo sa wikang Surigawnon sa kasalukuyang pag-aaral. Ang Bisaya Boholano at Cebuano ay minsan hiwalay na wika sa isang partikular na lugar at halong wika naman sa ibang partikular na lugar. Samantala ang mga wikang Minamanwa, Kamayo-butuanon, Tausug, Manobo at Badjau ay hindi hiwalay na sinasalita kundi kasama sa komposisyon ng wikang Surigawnon.

Samakatuwid ang konsepto ng wikang Surigawnon ay pinakamalapit na angkan nito ang Boholano nasundan ng Cebuano, Minamanwa, Kamayo, Tausug, Manobo at Badjau. Sa kabuuan, may 31% kogneyts-komposisyon sa ibang mga banggit na sinuring katutubong wikain at nagkaroon ng taal Surigawnon na 69% sa kanyang nabuong komposisyon ng wikang Surigawnon sa lalawigang Surigao del Norte. Kasama sa pagsusuri ng konsepto ay ang pagbigay paliwanag sa katawagang Surigawnon na siyang pangkalahatang tawag ng wika sa mga lalawigan ng Surigao del Norte at Surigao del Sur. May tawag na Sinurigao ni TParedes (2015) na wikang varayti mismo sa syudad ng Surigao; maaaring Sinurigaonon sa pinaikling bersyon Surigawnon-Sinurigao varayti.

**Istado ng Wikang Surigawnon**

Sa pagtiyak ng istado ng wikang Surigawnon, maipapaliwanag ito sa pamamagitan ng paraan ng paggamit sa talahanayan 4 at pie grph 1; gayundin sa talahanayan 6 ng tinuos na bahagdan batay sa bilang ng populasyon.

Naipakita sa Talahanayan 4 at pie graph 1 ang mga salitang sinubok bilang mga karaiwang salita ng mga Surigaonon na

**Talahanayan 4.** Paraan ng Paggamit ng mga Salitang Taal Surigawnon

| Paggamit(n=98)  |              |      |      |    |                      |                           |
|-----------------|--------------|------|------|----|----------------------|---------------------------|
| Taal Surigaonon | Naintindihan | lang | pero | di | Pang-okasyon gamitin | lang Nakasanayang gamitin |
| Gayud           | 32           |      |      |    | 28                   | 38                        |
| Karadjaw        | 20           |      |      |    | 29                   | 49                        |
| Nautas          | 45           |      |      |    | 21                   | 32                        |
| Huyat           | 7            |      |      |    | 13                   | 78                        |
| Limpyuhan       | 3            |      |      |    | 5                    | 90                        |


|          |    |    |    |
|----------|----|----|----|
| Kayaju   | 19 | 17 | 62 |
| Ayad     | 27 | 15 | 56 |
| Tag-ija  | 8  | 6  | 84 |
| Baju     | 61 | 14 | 23 |
| Kawajan  | 12 | 15 | 71 |
| Luspad   | 4  | 5  | 89 |
| Jamig    | 90 | 6  | 2  |
| Lapjahan | 84 | 9  | 5  |
| Pyangga  | 42 | 24 | 32 |
| Guyang   | 22 | 15 | 61 |
| Ki-at    | 6  | 8  | 84 |
| Kagid    | 7  | 7  | 84 |
| Mayaas   | 43 | 22 | 33 |
| Dimudo   | 65 | 15 | 18 |
| Imbes    | 9  | 12 | 77 |
| Jaanay   | 61 | 19 | 18 |
| Burahu   | 18 | 18 | 62 |
| Bunajan  | 22 | 14 | 62 |
| Naunu    | 10 | 7  | 81 |

inihanay sa tatlong paraan gaya ng “*Naintindihan lang pero di ginamit, pang-okasyon lamang at nakasanayang gamitin*” talaga nila. Maisa-isa ito sa sumusunod na paliwanag;

**Naiintindihan pero di ginagamit.** Tumutukoy sa mga salitang Surigawnon na alam nila ngunit hindi na ginagamit sa kanilang pang-araw-araw na pagsasalita. Ang pinakamataas na salitang Taal Surigaonon na sinabing *naiintindihan pero di nila ginagamit* ay ang mga *salitang nautas, baju, pyangga, mayaas, dimudo, at jaanay*. Kung tingnan ang daloy sa *pie graph 1* nagkaroon ito ng bahagdan 30% lamang ang nagsabing naiintindihan nila ang mga salita ngunit hindi na ginagamit. Nasabi nila ito dahil batay sa pag-oobserba at pakikipanayam ng mananaliksik sa panahon ng fieldwork, sa mga bahaging Alegria, Tubod, at Mainit ang unang wika nila ay Surigawnon ngunit di nila ito sinasalita dahil karamihan ng mga naninirahan doon na at mga nakasalumuha nila ay mga Boholano at Leytenyo ang pinanggalingan at para sa pag-iintindihan ng nakakarami nakibagay na rin ang mga Surigawnon.



**Pie graph 1**  
Galaw sa Paggamit ng mga Salitang Taal Surigaonon  
Batay sa Talatanungan



Ang sitwasyong ito ay pumasok sa *communication accommodation theory* ni Howard Giles (n.d.) na naglalarawan sa isang tao na nakikibagaysa kausap atang pagkaroon ng pagbabago upang makisama sa pamamagitan ng kapwang nauunawaang wika. Sa mga ganitong pagkakataon naging naisakripisyo ang isang wika na di gaanong ginagamit ng nakakarami sa isang komunidad.

**Pang-okasyon lang gamitin.** Ito ay tumutukoy sa isang isipik na alam niya ang wika o mga salita bagama'y di niya ito basta-bastang ginagamit sa di angkop na kausap. Ialan sa mga impormante na nagsasabing *pang-okasyunal lamang* ang gamit kung ibatay sa *pie graph 1* nagkaroon lamang ito ng 15% gaya ng mga salitang *nautas, pyangga, gayud at karadjaw* ang pinakamataas sa tala ng pang-okasyunal. Kung pakaisipin ang mga nakalahad na mga salita ay naririnig pa sa ngayon subalit hindi gaano kalakas ang iba nito. Ibig sabihin ay minsan na lamang masambit ng isipik ang mga salita depende sa sino ang kausap nila. Samantala kung sa sosyalan ay hindi na ito nagagamitlalo na sa mga melinyals panay naman taglish ang mga ito at Cebuano na itinuring bilang pansosyalang wika ng mga melinyals.

**Nakasanayang gamitin.** Ito iyong sitwasyon namatapat sa kanyang wika na kung saan ang mga salitang alam niya ay talagang ginagamit niya sa lahat ng pagakataon. Sa baryabol na ito (*nakasanayang gamitin*), mula sa 98 na tagatugon ang mga salitang Surigawnong gaya ng *gayud, karadjaw, buyat, limpyuban, kayaju, ayad, tag-ija, kawajan, luspud, guyang, ki-at, kagid, Imbes, burabu, bunajan at naunu* ang *nakasanayang gamitin* ang pinakamataas ay ang salitang *limpyubanna* may pinakakamaraming gumamit nito.

Sa kabuan, maiintindihan sa pamamagitan ng *pie graph* blg. 1 ang tungkol sa galaw o paraan ng paggamit ng mga Surigaonon gawa ng maraming wika ang kanilang alam. Batay sa tugon na datos mayroong 55% ang nagsabing nakasanayang gamitin nila ang mga salitang Surigawnong; may 30% nagsabi naintindihan lamang pero di ginagamit; at 15% nagsabing pang-okasyunal lamang gamitin. Kapansin-pansin na halos kalahati lang ang apela ng mga gumagamit ng wika bilang nakasanayang gamitin. Ibig sabihin nasa kalagitnaan ang istado o posisyon ng wikang Surigawnong gawa ng may impluwensiya nito sa Cebuano at Boholanong dayalekto na nakapasok sa komunidad ng mga taga-Surigao. Hudyat na may mga salitang nakalimutan na at pinalitan na ng ibang salitang impluwensiya lalo na sa mabilis na paglaganap ng midya at sa pagkamagiging malikhain ng mga mananalita kung aling patok para sa kanilang panlasa nitong makabagong panahon.

## CONCLUSION AND RECOMMENDATION (Buod, Kongklusyon at Rekomendasyon)

Ang bahaging kabanatang ito ay naglalahad ng Buod, Kongklusyon at Rekomendasyon ng pag-aaral na Kogneyts, konsepto at istado ng wikang Surigawnon.

Ang pinakapangunahing layunin nitong pananaliksik ay upang masuri ang wikang Surigawnon ayon sa kogneyts, konsepto at istado ng wikang Surigawnon. Ang pag-aaral ay gumamit ng deskriptibong kwali-kwanti *desinyo* gamit ang mga paraang pakikipanayam, talatanungan profayl at wordlists, at pag-oobserba kung saan sinubukang alamin at analisahin ang wikang Surigawnon ayon sa paraan at galaw ng paggamit, pagkilala sa mga sub-wika na kabahagi ng wikang Surigawnon at pagsusuring kogneyts sa pamamagitan ng lexicostatisics percentage at *Multiple Correspondence Analysis*. Ito ay community-based na pagdulog sa talakay tungkol sa pagsisiyasat ng mga relasyon sa pagitan ng wika at lipunan ni Labov (2011) kung paano gumagana ang wika sa komunikasyon ng isang komunidad. Ang mga kuha ng datos ay nagmumula sa lumad na mamamayang Surigawnon at kasalukuyang henerasyon ng Surigao del Norte. Ang partisipante o impormante ng nasabing pag-aaral ay mga katutubong mananalita ng Surigawnon at mga karaniwang mamamayan, mag-aaral, nagtrabaho sa mga tanggapan at iba pa. Isinalang-alang ang pagpili ng edad mula 50 pataas ang pinagkunan siyang pinagkunan ng mga taal na salitang Surigawnon. Ang mga salitang nalikom ay maging kurpos sa pagbuo ng talatangungang wordlists gamitin upang gawing ibang sets na mga subok.

*Purposive sampling* ang paraan ng mananaliksik sa pagpili ng mga target na impormante, (*edad 50-pataas; 30-49; at 20-29*) sa bawat munisipalidadat *covenience sampling* para sa mga tagatugon ng talatangungang wordlists. Sa unang ikot ng fieldwork tatlong (3) residente sa bawat munisipalidad ang nakuhang naobserbahan at ginawan ng intrebyu, inoobserba habang nakikipagkwentuhan. Nagawa din ang pangkatang pakikipanayam at indibidwal gamit ang *structured o unstructured* interview depende sa taong nakapanayam.

## FINDINGS (Natuklasan)

Pagkatapos na masuri ang mga datos sa pag-aaral narito ang mga natulaksan :

1. Batay sa profayl may 63.9% ang gumagamit ng wikang Surigawnon bilang unang. Katutubong hanapbuhay ay pagsasaka at pangngisda, karamihan sa kanila ay mga migrante galing Bohol;
2. Batay sa talatanungan, may 55% ang nakasanayang gumamit ng wikang Surigawnon; 30% naintindihan lang pero hindi sinasalita; 15% pang-okasyon lamang gamitin;
3. Karamihan sa mga mamamayang Surigaonon ay hindi na gumagamit ng katawagaan sa pamilya gaya ng nanay, tatay, mana, manoy, insi, ditsi, tiya, tiyo, uya at popu sa halip ay mama, papa, ate, kuya, uncle, antie, lola, lolo at iba pa;
4. Wikang Boholano ang pinakamataas na may kapareho o **kogneyts** sa wikang Surigawnon na may dalang 65%; Cebuano 48%; Minamanwa 34%; Kamayo 33%; Tausug 14%; Manobo 11%; at Badjau 10%. Mataas ang bahagdag kogneyts ng Bisaya-Boholano kaysa Cebuano dahil sa mayaman ito tunog “j” at ang tunog “y” ay identidad ng wikang Surigawnon;
5. May 55% aktwal na laging sinasalita ang wikang Surigawnon; 15% bilang pang-okasyon lamang; at 30% ang nagsabing naintindihan lang nila ngunit di sinasalita;
6. Bilang implikasyon, ito ay hudyat ng pangamba sa paglaho ng wikang Surigawnon sa bagong henerasyon. Tiyak na nakakalito kung anong gamitin para sa pagtuturo ng MTB-MLE.

## CONCLUSION (Kongklusyon)

Batay sa mga natuklasan isinalang-alang dito ang sumusunod na mga kongklusyon:

1. Surigawnon pa rin ang unang wika ng mga karamihang Surigaonon;

2. Mas maraming nagsasalita ng Boholano kaysa Cebuano;
3. Mas magkatulad ang wikang Boholano at Surigawnon kaysa Wikang Cebuano;
4. Naririnig lamang ang wikang Cebuano sa syudad ng Surigao hindi sa kabuuan ng lalawigan ng Surigao del Norte;
5. Ginagamit lamang ang Cebuano depende sa kausap at bilang pang-okasyunal na wika;
6. Unti-unti na ang paglaho ng wikang Surigawnon sa kasalukuyang henerasyon lalo na sa mga melinyals.

#### RECOMMENDATION (Rekomendasyon)

Batay sa natuklasan at kongklusyon ng kasalukuyang pag-aaral ay maaaring maghayag ang mga mananaliksik ng sumusunod na rekomendasyon;

**Istasyong Panradyo.** Iminungkahing Surigawnon ang gamitin, hayaan na matutunan ng mga migrante ng Surigao ang wikang Surigawnon. Sila ang mag-converge sa wika natin upang makatulong tayo na maipreserba ito at laging buhay sa lipunan.

**Manunulat ng Pahayagan.** Gumamit ng wikang Surigawnon sa mga pahayagan sa panulat ng balita bilang magandang paraan na isinabuhay nito ang wika sa panulat man at sa pagsasalita.

**Guro.** Ituturo ang wikang Surigawnon sa MTB-MLE bilang subjek nila upang maibabalik ang buhay ng ibang mga salitang nakakalimutan na.

**Kabataang Surigaonon.** Lalo na sa mga melinyals sinupin ang pag-alam ng wikang Surigawnon, tularan ang mga magulang kung anong mga sinasalita sa bahay upang ang mga ito ay hindi malilimutan. Gamitin lagi sa alinmang paraan ng pakikipagkominikasyon ang wikang Surigawnon.

**Mga mananaliksik.** Kailangan pa na ipagpatuloy ang ilang nasimulang pag-aaral ng wikang surigawnon lalo na sa bahagi ng Surigao del Sur upang matitiyak ang ilang pang mahalagang impormasyon tungkol sa lugal at katangian ng wika para sa tunay na identidad nito.

#### REFERENCES (Talasanggunian):

1. Sapir, E. (1929). The status of linguistics as a science. *Language*, 207-214;
2. Whorf, B. L. (2012). *Language, thought, and reality: Selected writings of Benjamin Lee Whorf*. MIT press;
3. Chandler, D. (1994). The Sapir-Whorf Hypothesis. *Online documents at URL <http://www.aber.ac.uk/media/Documents/short/worf.html>*. [30.06. 2004];
4. Flores, M. L. (2015). Nahuhuli at panimulang pagtatangka: Ang pilosopiya ng wikang pambansa/Filipino. *Dahyan: Journal ng Wikang Filipino*, (2);
5. Matters, H. C. (2008). The term culture figures prominently in the literature on poverty, race, and. *The colors of poverty: Why racial and ethnic disparities persist*, 76;
6. Gudykunst, W. B., Ting-Toomey, S., & Chua, E. (1988). *Culture and interpersonal communication*. Sage Publications, Inc;
7. Bolinger, D. (1968). Aspects of language;
8. Subbiondo, J. L. (2005). Benjamin Lee Whorf's theory of language, culture, and consciousness: A critique of western science. *Language & Communication*, 25(2), 149-159;
9. Skutnabb-Kangas, T., & Phillipson, R. (1996). Linguicide and linguisticism. *Kontaktlinguistik. Contact Linguistics. Linguistique de contact. Ein Internationales Handbuch zeitgenössiger Forschung. An International Handbook of Contemporary Research. Manuel international des recherches contemporaines*, 1, 667-675;
10. Dumanig, F. P. (2015). Descriptive Analysis of the Surigaonon Language. *Polyglossia*, 27;
11. Reid, L. A. (2009). Inclusive constructions and their development in Philippine languages;
12. Omoto, K. (1984). The negritos: Genetic origins and microevolution. *Acta anthropogenetica*, 8(1-2), 137-147;
13. Rabasso, C., & Rabasso, J. (2014). Responsible education and multiple learning identities by the Mamanwas in Surigao del Norte, Mindanao, Philippines. *Journal of Global Responsibility*;

14. Felix, M., & Leny, E. (2004). Exploring the Indigenous Local Governance of Manobo Tribes in Mindanao;
15. Tomaquin, R. D. (2013). Indigenous religion, institutions and rituals of the mamanwas of caraga region, philippines. *Asian Journal of Social Sciences, Arts and Humanities*, 1(1);
16. Campos, R. M. P. (2014). Language attitudes among Agusan Manobo speakers in the Philippines. *Unpublished Master's Thesis*. Payap University, Chiang Mai, Thailand;
17. Trinidad, A. R. T. (2013). *Learning to be indigenous: Education and social change among the Manobo people of the Philippines* (Doctoral dissertation, University of Manchester);
18. Omoto, K., Ueda, S., Goriki, K., Takahashi, N., Misawa, S., & Pagaran, I. G. (1981). Population genetic studies of the Philippine Negritos. III. Identification of the carbonic anhydrase-1 variant with CA1 Guam. *American Journal of Human Genetics*, 33(1), 105;
19. Jumala, F. C. (2011). From Moorage to Village: a glimpse of the changing lives of the Sama Dilaut. *Philippine Quarterly of Culture and Society*, 39(2), 87-131;
20. Boquet, Y. (2017). The Diversity of the Philippine Population. In *The Philippine Archipelago* (pp. 159-179). Springer, Cham;
21. Lacuesta, M. C (n.d.). HEALTH RESEARCH AGENDA OF MINDANAO: A ZONAL REPORT;
22. Daug, A. C., Kimilat, C. O., Bayon, G. G. A. G., & Rufon, A. C. D (n.d.). THE POSSIBILITY OF ETHNOGENESIS OF THE BADJAO IN BARANGAY TAMBACAN, ILIGAN CITY;
23. Greenhill, S. J., & Gray, R. D. (2009). Austronesian language phylogenies: Myths and misconceptions about Bayesian computational methods. *Austronesian historical linguistics and culture history: a festschrift for Robert Blust*. Canberra: *Pacific Linguistics*, 375-397;
24. Walton, C. (1979). A Philippine language tree. *Anthropological linguistics*, 21(2), 70-98;
25. Gallman, A. F. (1980). Proto-South-East Mindanao and its internal relationships. *Pacific Linguistics. Series A. Occasional Papers*, (55), 1;
26. Reid, L. A. (2009). Challenging the status-quo: Drift, direct inheritance and reconstruction. *Senri ethnological studies*, 75, 189-198;
27. Rosero, M. W. I. (2016). A grammatical sketch of Masbatenyo. *Unpublished thesis*. Quezon City: University of the Philippines-Diliman;
28. Liwanag, M. H. (2017). Community-based Descriptive Orthography of Surigaonon Language;
29. Frawley, W. (2013). *Linguistic semantics*. Routledge;
30. Simons, G. F., & Lewis, M. P. (2013). The world's languages in crisis. *Responses to language endangerment: In honor of Mickey Noonan. New directions in language documentation and language revitalization*, 3, 20;
31. Fortunato, T. (2017). *Mga pangunahing etnolinggwistikong grupo sa Pilipinas*. Anvil Publishing, Inc.;
32. Rubrico, J. G. U. (2011). Learning in a multiple-modality classroom. *Journal of Interdisciplinary Research in Education*, 1(1), 5-19;
33. Babendure, J., Thompson, L., Peterman, K., Teiper, L., Gastil, H., Liwanag, H., & Glenn-Lee, S. (2011). BioBridge Professional Development: Bringing Innovative Science into the Classroom. *Society for Research on Educational Effectiveness*;
34. Constantino, J. N., & Todd, R. D. (2000). Genetic structure of reciprocal social behavior. *American Journal of Psychiatry*, 157(12), 2043-2045;
35. Gomez, B. C. (2019). Growth pattern and size of oilfish, *Ruvettus pretiosus* (Cocco, 1833) landed in southwestern coast of Surigao del Norte, Philippines;
36. Chaves, C. M. (2009). Those that urbanization left behind: A case study of spatial disparities and rising dependency in coastal areas in Mindanao, the Philippines. *SOJOURN: Journal of Social Issues in Southeast Asia*, 251-268;
37. Dyen, I. (1965). Formosan evidence for some new Proto-Austronesian phonemes. *Lingua*, 14, 285-305;
38. BLUMENTRITT, F. (1892). Los Moros de Filipinas. *Boletin de la Sociedad geografica de Madrid* 21 (1892), 106-112;
39. Mundiz, T. M. A. (2019). Linguistic Study on Surigaonon and Kamayo Children's Songs. *JPAIR Multidisciplinary Research*, 36(1);
40. Hasselbring, S. A., Vilorio, R., & Mata, M. (2011). A participatory assessment of Kinamayo: A language of Eastern Mindanao. *SIL Electronic Survey Reports*, 35;

41. Bagood, E. T. (2018). Complex Adaptive Language: The Kamayo Circumstance. *International Journal of Research*, 5(16), 395-406;
42. Daug, V. B. THE RELATIONSHIP BETWEEN ATTITUDES AND SKILLS IN FILIPINO SUBJECT OF NON-TAGALOG TERTIARY STUDENTS;
43. Hicana, M. F. G. (2017). Pasalitang Diskurso ng Tagalog Varayti sa Taguig Spoken Discourse Tagalog Variety in Taguig. *Malay*, 29(2), 1-1;
44. De Los Reyes, R. A. (2014). Language of "order": English in the linguistic landscape of two major train stations in the Philippines. *Asian Journal of English Language Studies*, 2(1), 24-49;
45. BAUTISTA, J., & FRANCISCO, B. (2015). Direksiyong Historikal ng mga Pag-aaral Panggramar ng mga Wikang Timog Bisaya. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, 21(1), 7-20;
46. Dyen, I. (1975). A Reconstructional Confirmation: The Proto-Austronesian Word for "Two". *Oceanic Linguistics*, 14(1), 1-11;
47. Labov, W. (2011). *Principles of linguistic change, volume 3: Cognitive and cultural factors* (Vol. 36). John Wiley & Sons.
48. Google Websites Researches:(<http://www.gov.ph> of Surigao);